
# MARYLAND

## Manwal ng Pagmamaneho

MDOT MARYLAND DEPARTMENT OF TRANSPORTATION
MOTOR VEHICLE ADMINISTRATION



Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa:
**mva.maryland.gov**

6601 Ritchie Highway N.E.
Glen Burnie, MD 21062

410-768-7000
TTY para sa May Kapansanan sa Pandinig: 1-800-492-4575

MarylandMVA

MD_MVA

**December 2025 Edition**

Copyright

© Maryland Motor Vehicle Administration, 2025

Reserbado ang lahat ng karapatan.

Ang Maryland Department of Transportation, Motor Vehicle Administration (MDOT/MVA) ang nagmamay-ari ng copyright sa gawaing ito. Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o ipadala sa anumang anyo o sa anumang paraan, elektroniko o mekanikal, kabilang ang pag-photocopy, pagre-record, o sa pamamagitan ng anumang sistema ng pag-iimbak at pagkuha ng impormasyon nang walang malinaw na nakasulat na pahintulot mula sa MDOT/MVA.

Ang lahat ng nilalaman ay maaaring gamitin nang libre at inilaan para sa pag-aaral ng Maryland Vehicle Law. Ang anumang hindi awtorisadong muling pag-print, paggamit, pamamahagi, o pagbebenta ng materyal na ito ay ipinagbabawal.

Mangyaring iharap ang anumang mga katanungan tungkol sa paggawa ng mga kopya o pamamahagi ng manwal na ito sa: MVA Administrator, 6601 Ritchie Highway N.E., Glen Burnie, MD 21062.

**DL-002 (12-25)**

# Mensahe ng Tagapangasiwa

**Mahal na Drayber sa Hinaharap:**

Gagawa ka ng mga hakbang upang makakuha ng lisensya sa pagmameneho sa Maryland. Ito ay isang kapana-panabik na panahon para sa sinumang bagong drayber! Mahalagang tandaan na ang pagmamaneho ay isang pribilehiyo, at mayroon kang bahagi sa pagtiyak na ang lahat ay mananatiling ligtas sa ating mga kalsada. Maraming mahahalagang bagay ang dapat malaman – ang manwal na ito ang iyong gabay.

**Maging Drayber na Nagliligtas ng Buhay**

Habang naglalakbay ka sa mga kalsada ng Maryland, makakatagpo ka ng mga drayber na iba't-iba ang edad at may iba't-ibang antas ng kasanayan. Ngunit lahat tayo ay may pagkakapareho: responsibilidad ng bawat isa na Maging Drayber na Nagliligtas ng Buhay. Nangangahulugan iyon na pagpapanatiling ligtas ang iyong sarili at ang iba sa kalsada.

Bilang isang bagong drayber, napakahalaga na:

- Huwag kang magmadali.
- Unawain ang mga patakaran sa kalsada.
- Makinig at matuto mula sa iyong mga guro at tagapagturo.
- Tratuhin ang ibang mga drayber at pasahero nang may paggalang.

Gaya ng anumang iba pang bagong kasanayang natututuhan mo, magiging mas mahusay ka sa pagmamaneho nang may higit na karanasan sa iba't-ibang kalsada, sa ilalim ng iba't-ibang kondisyon, at sa iba't-ibang kapaligiran. Halimbawa, pagmamaneho sa masamang panahon, sa matinding trapiko, at sa iba't-ibang oras ng araw. Sa tuwing tayo ay nasa manibela, ang bawat isa sa atin ay may pananagutan na:

- Magmaneho nang matino.
- Magbigay-pansin.
- Magsuot ng sinturon sa upuan.
- Sundin ang mga limitasyon sa bilis.
- Dalawang beses na tumingin kung ay mga motorsiklo.
- Ibahagi ang kalsada sa mga pedestrian (mga taong naglalakad) at mga nagbibisikleta.

Nasa sa iyo ang paggawa ng mga ligtas na desisyon sa likod ng manibela. Sa kasamaang-palad, araw-araw, libu-libong mga drayber ang nagmamaneho nang abala ang isip o may kahinaan, mabilis, o nakikipag-alitan sa ibang mga tao sa kalsada. Inilalagay nito ang kanilang sarili at ang iba sa panganib. Kailangan nating lahat na bantayan ang isa't isa.

Ang Maryland Department of Transportation Motor Vehicle Administration (MVA) ay nakatuon sa kaligtasan ng drayber. Ang aming layunin ay maabot ang walang pagkamatay (zero fatalities) sa mga kalsada ng Maryland, dahil kahit isang buhay lang ang mawala, marami ang magdadalamhati.

Pagkatapos basahin ang manwal na ito, subukin ang iyong pag-unawa sa mga patakaran sa kalsada sa pamamagitan ng pagkuha ng aming Online na Pagtuturong Pagsusulit ng Drayber (Online Driver Test Tutorial). Ito ay matatagpuan sa website ng MVA, mva.maryland.gov/drivers.

Asahan mong paglilingkuran ka namin.

Manatiling ligtas,

Administrator, MDOT MVA

# Table of Contents

**SEKSYON 1: Mga Kinakailangan sa Pagsusuri ng Pagmamaneho . . . . . . . . . . . 7**

A. Pagsusuri sa paningin .......... 7
B. Pagsubok sa Kaalaman .......... 7
C. Pagsubok sa mga Kasanayan sa Pagmamaneho . 7
D. Dapat Iulat na Medikal na Kondisyon .......... 8

**SEKSYON 2: Mga Kinakailangan at Proseso sa Paglilisensya . . . . . . . . . . . . . . 9**

A. Baguhang Drayber/Graduated Licensing System .......... 9
B. Pahintulot sa Pagtuturo sa Mag-aaral .......... 9
C. Pansamantalang Lisensya .......... 10
D. Lisensya sa Pagmamaneho .......... 11
E. Kasamang-Pumirma ng Aplikasyon ng Menor de edad para sa Lisensya .......... 11
F. Pagkansela ng Kasamang-Pumirma sa Lisensya ng Menor de edad .......... 11
G. Mga Lisensya sa Labas ng Bansa .......... 12
H. Pagkakapantay-pantay ng Lahat ng Kostumer .......... 12

**SEKSYON 3: Pangunahin sa Pagmamaneho . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 15**

A. Maingat na Pagmamaneho .......... 15
B. Karapatan sa Daan .......... 15
C. Pag-unawa sa Bilis ng Sasakyan .......... 16
D. Pagsunod sa Distansya .......... 16
E. Distansya sa Paghinto .......... 17
F. Pagmamaneho sa Linya .......... 17
G. Pagliko .......... 17
H. U-turn .......... 17
I. Paglalampas .......... 17
J. Pangkalahatang Mga Patakaran sa Pagpaparada .......... 18

**SEKSYON 4: Mga Palatandaan, Signal, at Mga Marka sa Semento . . . . . . . . . . . . . . . 19**

A. Mga Signal ng Trapiko .......... 19
Mga Signal ng Sasakyan .......... 19
Mga Signal ng Tawiran .......... 21
B. Mga Pananda ng Trapiko .......... 22
Mga Kulay at Hugis .......... 22
Mga Palatandaan ng Regulasyon .......... 23
Mga Palatandaan .......... 24
Iba pang Mga Uri ng Palatandaan ng Trapiko .......... 25
C. Mga Marka sa Semento .......... 26
Mga Uri ng mga Marka ng Linya .......... 26
Iba pang mga Marka sa Semento .......... 27
Mga Marka sa Semento ng mga Naglalakad at Bisikleta .......... 27

**SEKSYON 5: Mga Sitwasyon at Kundisyon sa Pagmamaneho . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 29**

A. Pagmamaneho kapag Nabawasan ang Kakayahang Makakita .......... 29
B. Pagmamaneho sa Gabi .......... 30
C. Pagmamaneho sa Mahamog .......... 30
D. Pagmamaneho sa Masamang Panahon .......... 30
E. Pagkadulas .......... 31
F. Hydroplaning .......... 32
G. Tawiran ng Riles sa Highway .......... 32
H. Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho .......... 32
I. Mga Bilog ng Trapiko (Roundabouts) .......... 33
J. Pagmamaneho sa Interstate at Limitadong Pagpasok sa Highway .......... 33
K. Mga Prusisyon ng Libing .......... 34
L. Mga Sasakyang Mabagal .......... 34

**SEKSYON 6: Mapanganib na Asal sa Pagmamaneho . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 35**

A. Alak, Droga at Pagmamaneho .................. 35
B. Agresibong Pagmamaneho at Galit sa Daan .......... 36
C. Naaabalang Pagmamaneho .................. 36
D. Pagmamaneho habang Inaantok .................. 37

**SEKSYON 7: Pagbabahagi ng Kalsada . . 39**

A. Karapatan sa Daan ng Naglalakad .................. 39
B. Mga Sasakyang Pang-emerhensiya .................. 39
C. Malalaking Trak at Bus .................. 39
D. Mga Bus ng Paaralan .................. 40
E. Mga Motorsiklo .................. 40
F. Mga Bisikleta .................. 41
G. Mga Moped at Scooter .................. 43
H. Pag-unawa sa Teknolohiya ng Sasakyan .................. 43

**SEKSYON 8: Mga Banggaan At Paghinto ng Trapiko. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 45**

A. Mga Banggaan .................. 45
B. Mga Emerhensiya sa Tabing Daan .................. 46
C. Mga Paghinto sa Trapiko .................. 46
D. Batas sa Paglipat .................. 47

**SEKSYON 9: Iba pang Paghihigpit, Paglabag at Parusa. . . . . . . . . . . . . . . . . . . 49**

A. Mga paghihigpit .................. 49
B. Pagsusuri sa Droga o Alak – Ipinahiwatig na Pahintulot .................. 49
C. Pagkuha ng Hindi Totoo o Peke na Kard ng Pagkakakilanlan, Lisensya sa Pagmamaneho, o Pahintulot ng Pagtuturo sa Mag-aaral .................. 50
D. Mga Aksyon ng Administratibo .................. 50
E. Mga Multa .................. 50
F. Paggamit ng mga Paradahan ng May Kapansanan, Mga Lisensyadong Plaka, at Mga Plakard .................. 51

**SEKSYON 10: Iba pang Mahalagang Impormasyon. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 53**

A. Mga Medikal na Kondisyon na Iuulat sa MVA .......... 53
B. Sumusubaybay na Drayber – Mga Kinakailangan at Responsibilidad .................. 53
C. Organ Donor .................. 53
D. Magrehistro para Bumoto .................. 54
E. Mga Kinakailangan sa Seguro .................. 54
F. Batas sa Sinturon ng Upuan .................. 54
G. Mga Upuang Pangkaligtasan ng Bata .................. 54
H. Mga Bag ng Hangin .................. 54
I. Pagpepreno gamit ang Anti-lock Braking System (ABS) .................. 54
J. Ipinagbabawal ang pagsusuot ng mga Headset, Earphone, at Earplug .................. 55
K. Nakalinyang Pagpaparada .................. 55
L. Pagpaparada ng Paharap, Pagpaparada ng Patalikod, at Tatluhang Pagliko .................. 55
M. Mga Patakaran at Payo para sa mga Nagbibisikleta .................. 55
N. Mga De-kuryenteng Mabagal na Sasakyan (Mga Kahulugan) .................. 56

# Kilalanin ang mga drayber na nagliligtas ng mga buhay sa Maryland.



**Maging drayber na nagliligtas ng buhay**

Sa buong manwal, sasabihin sa iyo ng aming mga "Maging Drayber" ang tungkol sa mga kampanya sa ligtas na pagmamaneho sa Maryland, at magbibigay ng mahahalagang payo sa kaligtasan! Para sa higit pang impormasyon sa kampanyang "Maging Drayber", bisitahin ang:
ZeroDeathsMD.gov.

# SEKSYON 1: MGA KINAKAILANGAN SA PAGSUSURI NG PAGMAMANEHO

Dapat kang makakuha ng lisensya sa pagmamaneho bago magmaneho ng sasakyang de-motor. Ang mga kotse, van, at pick-up truck ay mga halimbawa ng mga sasakyang de-motor. Upang makakuha ng lisensya sa pagmamaneho, dapat mong kunin at ipasa ang ilang mga pagsubok. Ang mga pagsubok na ito ay tinatawag na mga kinakailangan sa paglilisensya. Ang mga kinakailangan sa paglilisensya ay kinabibilangan ng:

- Pagsusuri sa paningin.
- Pagsubok sa kaalaman.
- Pagsubok sa kasanayan sa pagmamaneho.

Maaaring dapat matugunan ng ilang tao ang iba pang mga kinakailangan upang ipakita na maaari silang magmaneho nang ligtas. Ipapaalam sa iyo ng Maryland Department of Transportation Motor Vehicle Administration (MVA) kung kailangan mong tugunan ang iba pang mga kinakailangan.

## A. Pagsusuri sa paningin

Sinusubok ng pagsusuri sa paningin kung gaano kaayos kang nakakakita. Maaaring gawin ng MVA o ng iyong doktor sa mata ang pagsusuri.

Upang maging kwalipikado sa pagkuha ng lisensya sa pagmamaneho, kailangan ikaw ay may:

- Kakayahang tumingin sa malayo.
- Kalinawan ng paningin na hindi bababa sa 20/40 sa bawat mata.
- Lawak ng paningin na hindi bababa sa 140 degrees.

Maaaring ipaliwanag ng MVA o ng iyong doktor sa mata kung ano ang ibig sabihin nito. Maaari nitong sabihin sa iyo kung natutugunan mo ang mga kinakailangang ito.

Kung kailangan mo ng salamin o contact lens upang matugunan ang mga kinakailangang ito, dapat lagi kang magsuot ng mga ito kapag nagmamaneho ka. Ang lisensya mo ang magsasabi niyan.

Mayroong karagdagang impormasyon sa website ng MVA para sa mga taong hindi nakakatugon sa mga kinakailangan sa paningin.

## B. Pagsubok sa Kaalaman

Sinusuri ng pagsubok sa kaalaman kung alam mo ang tungkol sa:

- Mga batas sa sasakyang de-motor.
- Mga kasanayan sa ligtas na pagmamaneho.
- Mga palatandaan ng trapiko.

Kasama sa manwal na ito ang lahat ng impormasyong nasa iyong pagsusulit. Bibigyan ka ng pagsusulit sa kaalaman sa isang lokasyon ng MVA. Mayroong 25 katanungan sa pagsusulit. May 20 minuto ka para tapusin ang pagsusulit. Tingnan ang Seksyon 2.A. kung kailangan mo ng mga espesyal na kaluwagan.

Mayroong Online na Pagtuturong Pagsusulit ng Drayber (Online Driver Test Tutorial) sa website ng MVA. Ang pagtuturo ay may mga tanong sa pagsasanay na makakatulong sa iyo na maghanda para sa pagsusulit sa kaalaman. **Dapat mo ring pag-aralan ang lahat ng impormasyon sa manwal na ito upang matulungan kang makapasa sa pagsusulit sa kaalaman.**

## C. Pagsubok sa mga Kasanayan sa Pagmamaneho

Ang pagsusulit ng drayber ang paraan para makita ng MVA kung mayroon kang mga kasanayan para magmaneho nang ligtas at responsable. Kabilang sa pagsusulit ang pagmamaneho sa mga pampublikong kalsada at isang espesyal na kurso sa lokasyon ng pagsubok.

Dapat kang gumawa ng appointment para makakuha ng pagsusulit sa kasanayan sa pagmamaneho. Upang makakuha ng appointment, maaari mong:

- Bisitahin ang mva.maryland.gov at i-click ang "Makipag-appointment" (Make an Appointment), o
- Tumawag sa 410-768-7000 o 1-800-492-4575 (TTY para sa bingi at mahina ang pandinig).

Bibigyan ka ng pagsusulit sa kasanayan sa pagmamaneho gamit ang sasakyang dadalhin mo sa pagsubok. Dapat nitong matugunan ang mga sumusunod na kinakailangan para magamit mo ito para sa pagsubok:

- Ang sasakyan ay dapat may napapanahon na mga plaka ng lisensya at nakarehistro.
- Dapat ay mayroon kang patunay na ang sasakyan ay nakaseguro.

Ang sasakyan ay dapat na:

- Ligtas na imaneho.
- Walang mga bitak o iba pang bagay sa windshield na maaaring makaapekto sa iyong kakayahang makakita.
- Mayroong hindi bababa sa kalahating tangke ng gas.

Dapat sumama sa iyo ang isang "sumusubaybay na drayber" sa lugar ng pagsubok. Ipinapaliwanag ng Seksyon 10 ng manwal na ito kung sino ang sumusubaybay na mga drayber. Ikaw lamang at ang taong nagbibigay sa iyo ng pagsusulit ang pinapayagan sa sasakyan sa panahon ng pagsusulit. Ang tagapagsalin na inaprubahan ng MVA ay maaari ding nasa kotse kung kailangan mo.

Upang mapanatiling malusog at ligtas ka at ang mga empleyado ng MVA:

- Pinapayuhan ka naming panatilihing dumadaloy ang hangin sa sasakyan sa panahon ng pagsubok. Halimbawa, sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga bintana. Ang taong nagbibigay sa iyo ng pagsubok ay maaaring magmungkahi ng iba pang mga bagay.
- Maaari kang magsuot ng mask sa panahon ng pagsubok kung gusto mo.
- Kung masama ang pakiramdam mo, dapat muli mong i-iskedyul ang iyong appointment.

## D. Dapat Iulat na Medikal na Kondisyon

Dapat mong ipaalam sa MVA kung mayroon kang kondisyong medikal na maaaring makaapekto sa iyong kakayahang magmaneho. Kinakailangan ito sa batas ng estado. Tingnan ang Seksyon 10 para sa isang listahan ng mga kondisyong medikal na dapat mong iulat, at kung kailan iuulat ang mga ito.



**Alam mo ba na ang mga manggagawa sa highway ay nag-aalis ng mahigit dalawang milyong libra ng mga basura mula sa mga kalsada ng estado bawat taon? Ang mga multa para sa pagtatapon ng basura ay maaaring umabot ng hanggang $1500 o 30 araw sa bilangguan.**

# SEKSYON 2: MGA KINAKAILANGAN AT PROSESO SA PAGLILISENSYA

Ipinapaliwanag ng seksyong ito kung ano ang mga dapat mong gawin upang makakuha ng lisensya sa pagmamaneho sa Maryland. Ang mga impormasyong ito ay para sa mga taong gustong magkaroon ng "'di-pang-komersyal na lisensya" sa pagmamaneho. Pinahihintulutan ka ng di-pangkomersyal na lisensya sa pagmamaneho na magmaneho ng mga regular na sasakyan gaya ng mga kotse, pickup truck, at van. Tinatawag din itong Class C na lisensya sa pagmamaneho.

Upang simulan ang proseso, dapat kang gumawa ng appointment upang bisitahin ang anumang sangay ng MVA. Kapag nag-aplay ka, kailangan mong magdala ng:

- Isang dokumento (rekord) na nagpapatunay ng iyong edad. Dapat kabilang dito ang iyong buong pangalan.
- Ang iyong Social Security Number (SSN), o patunay na hindi ka karapat-dapat para sa isang SSN.
- Dalawang dokumento na nagpapatunay na nakatira ka sa Maryland.

Dapat kang magdala ng mga orihinal na dokumento o mga kopya na pinatunayan ng ahensya na nagbigay sa iyo ng mga ito. Ang MVA ay hindi tatanggap ng mga photocopy, napa-notaryo na mga kopya, o mga dokumento na may binago o nabura na impormasyon.

Mangyaring bisitahin ang aming website para sa kumpletong listahan ng mga dokumentong tinatanggap ng MVA.

## A. Baguhang Drayber/Graduated Licensing System

Ang prosesong pagdadaanan mo para makakuha ng 'di-pangkomersyal na lisensya sa pagmamaneho ay tinatawag na Baguhang Drayber/Graduated Driver Licensing System (GLS). Dumadaan ka sa proseso ng GLS kung hindi ka pa kailanman nagkaroon ng lisensya sa pagmamaneho noon. Nalalapat ito sa mga tao sa lahat ng edad na karapat-dapat na mag-aplay para sa lisensya sa pagmamaneho. Magsisimula ka sa pagkuha ng Pahintulot sa Pagtuturo sa Mag-aaral (Learner's Instructional Permit) at pagkatapos ay Pansamantalang Lisensya. Ang mga hakbang na ito ay nagbibigay sa iyo ng karanasan sa pagmamaneho bago "magtapos" sa pagkuha ng Lisensya sa Pagmamaneho. Ipagpatuloy ang pagbabasa para alamin ang higit pa.

## B. Pahintulot sa Pagtuturo sa Mag-aaral

Kung hindi ka pa kailanman nagkaroon ng 'di-pangkomersyal na lisensya sa pagmamaneho, dapat kang makakuha ng Type 1 na Pahintulot sa Pagtuturo sa Mag-aaral. Ang Pahintulot ay tumatagal nang hanggang 2 taon. Kailangan mong pumasa sa pagsusuri sa paningin at pagsubok sa kaalaman upang makakuha ng Pahintulot.

Kung mayroon ka nang lisensya sa pagmamaneho at gusto mo ng ibang klase ng lisensya sa pagmamaneho, dapat kang mag-aplay para sa Type 2 na Pahintulot sa Pagtuturo sa Mag-aaral. Hindi ka dapat mas bata sa 16 na taon at 6 na buwang gulang. Ang Type 2 na Pahintulot sa Pagtuturo sa Mag-aaral ay tumatagal nang hanggang 180 araw. Maaari kang bigyan ng pagsubok sa pagmamaneho para sa buong lisensya kapag hawak mo na ang Pahintulot na ito nang hindi bababa sa 14 na araw.

Ang haba ng panahon na kailangang mayroon kang Pahintulot sa Pagtuturo sa Mag-aaral bago ka maging karapat-dapat para sa Pansamantalang Lisensya ay depende sa iyong edad. Ang mga taong nag-aaplay para sa pahintulot ay tinatawag na "mga aplikante."

### Mga aplikanteng mas bata sa 25:

- Hindi ka dapat mas bata sa 15 na taon at 9 na buwang gulang.
- Kung wala pang 18 taong gulang, ang iyong magulang o legal na tagapag-alaga ang dapat na pumirma sa aplikasyon.
- Kung wala pang 16 taong gulang, dapat kang magbigay ng nakumpletong form ng Sertipikasyon ng Paaralan sa Pagpasok para sa Pahintulot sa Mag-aaral (Learner's Permit School Attendance Certification).

Habang nasa iyo ang iyong Pahintulot sa Pagtuturo sa Mag-aaral, kailangan mong:

- Kumpletuhin ang Programa sa Edukasyon sa Pagmamaneho ng Maryland. Nakakatulong ito sa mga bagong drayber na matuto ng impormasyon at mga kasanayang kailangan para magmaneho ng sasakyan. Nakalista sa website ng MVA ang mga paaralan ng edukasyon sa pagmamaneho na inaprubahang magturo ng programang ito. **AT**
- Magsanay sa pagmamaneho nang hindi bababa sa 60 oras kasama ang isang sumusubaybay na drayber. Ang mga ito ay tinatawag na oras ng pagsasanay. Hindi bababa sa 10 oras ng pagsasanay ang dapat mangyari, sa panahon na nagsisimula sa 30 minuto bago ang paglubog ng araw, at matatapos sa 30 minuto pagkatapos ng pagsikat ng araw. **AT**
- Gumawa ng Talaan ng Pagsasanay at Kasanayan upang maitala ang iyong mga oras ng pagsasanay. Makikita mo ang Talaan ng Pagsasanay at Kasanayan sa MVA website.

### Mga Aplikante na 25 taong gulang at mas matanda:

Habang nasa iyo ang iyong Pahintulot sa Pagtuturo sa Mag-aaral, kailangan mong:

- Kumpletuhin ang Programa sa Edukasyon sa Pagmamaneho ng Maryland. **AT**
- Kumpletuhin ang hindi bababa sa 14 na oras ng pagsasanay kasama ang sumusubaybay na drayber. Hindi bababa sa 3 oras ng pagsasanay ang dapat mangyari, sa panahon na nagsisimula sa 30 minuto bago ang paglubog ng araw, at matatapos sa 30 minuto pagkatapos ng pagsikat ng araw. **AT**
- Gumawa ng Talaan ng Pagsasanay at Kasanayan upang maitala ang iyong mga oras ng pagsasanay. Ang Talaan ng Pagsasanay at Kasanayan ay nasa MVA website.

Dapat nasa iyo ang Pahintulot nang hindi bababa sa 45 araw bago ka maging karapat-dapat sa Pansamantalang Lisensya.

### Mga paglabag

Sa ilang sitwasyon, dapat na mas matagal ang iyong pahintulot bago maging karapat-dapat para sa Pansamantalang Lisensya:

- Sa anumang edad, kung nahatulan ka o binigyan ng Probation Before Judgment (PBJ) para sa isang paglabag sa pagpapatakbo, dapat ay hawak mo ang Pahintulot sa Pagtuturo sa Mag-aaral nang hindi bababa sa 9 na buwan kasunod ng pinakahuling petsa na nahatulan ka o nabigyan ng PBJ para sa paglabag sa pagpapatakbo. Nalalapat din ito kung nasuspinde ka sa anumang dahilan. Dapat mong matugunan ang iba pang mga kinakailangan sa GLS na inilarawan sa itaas bago ka maging karapat-dapat na kumuha ng pagsubok sa kasanayan sa pagmamaneho.
- Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang, dapat ay hawak mo ang Pahintulot nang hindi bababa sa 9 na buwan nang walang paglabag bago maging karapat-dapat para sa isang Pansamantalang Lisensya.
- Kung ikaw ay 18 taong gulang na may diploma sa mataas na paaralan o GED, o edad 19 hanggang 24, dapat ay hawak mo ang Pahintulot nang hindi bababa sa 3 buwan nang walang paglabag bago maging karapat-dapat para sa Pansamantalang Lisensya.

## C. Pansamantalang Lisensya

Ang Pansamantalang Lisensya sa Pagmamaneho ay ibinibigay sa mga bagong drayber na hindi pa kailanman humawak ng Lisensya sa Pagmamaneho. Pinahihintulutan ka nitong magmaneho nang walang sumusubaybay ngunit may mga paghihigpit. Ang mga paghihigpit na ito ay gaya ng walang pasahero at huwag magmaneho sa gabi. Mayroon kang Pansamantalang Lisensya sa Pagmamaneho sa loob ng hindi bababa sa 18 buwan bago maging karapat-dapat para sa regular na Lisensya sa Pagmamaneho.

Kung gusto mong magtapos mula sa Pahintulot sa Pagtuturo sa Mag-aaral tungo sa Pansamantalang Lisensya, kailangan mong:

- Matagumpay na nakumpleto ang isang programang edukasyon sa pagmamaneho na inaprubahan ng Maryland.
- Mayroon kang may bisa at hindi pa nagpaso na Pahintulot sa Pagtuturo sa Mag-aaral.

- May hawak kang Pahintulot sa Pagtuturo sa Mag-aaral nang walang mga paglabag sa tagal ng panahon na inilarawan sa itaas.
- Hindi nahatulan ng anumang mga paglabag sa pagpapatakbo o nabigyan ng probasyon bago ang paghatol sa anumang paglabag sa pagpapatakbo sa panahong inilarawan sa itaas.
- Magsumite ng nakumpleto at nilagdaang Talaan ng Pagsasanay at Kasanayan. Dapat ipakita nito na nakumpleto mo ang hindi bababa sa 60 oras ng pagsasanay sa pagmamaneho kasama ang isang sumusubaybay na drayber (14 kung ikaw ay 25 o mas matanda).
- Matagumpay na nakapasa sa pagsusulit sa kasanayan sa pagmamaneho.

## D. Lisensya sa Pagmamaneho

Ang Lisensya sa Pagmamaneho ay ang huling yugto ng Graduated Driver Licensing System.

Upang maging kwalipikado sa pagkuha ng Lisensya sa Pagmamaneho, kailangan ikaw ay:

- Hindi mas bata sa 18 taong gulang.
- Nagkaroon ng Pansamantalang Lisensya ng hindi bababa sa 18 buwan.
- Hindi nahatulan ng anumang mga paglabag sa pagpapatakbo o nabigyan ng probasyon bago ang paghatol sa anumang mga paglabag sa pagpapatakbo sa loob ng nakaraang 18 buwan.

Kapag natugunan mo na ang lahat ng kinakailangang ito, awtomatikong ililipat ng MVA ang iyong Pansamantalang Lisensya sa Lisensya sa Pagmamaneho. Ipapadala sa iyo ang isang kard na nagpapakita ng pagpapalit. Dapat mong dalhin ang kard kasama ang iyong Pansamantalang Lisensya.

## E. Kasamang-Pumirma ng Aplikasyon ng Menor de edad para sa Lisensya

Kung ikaw ay mas bata sa 18 taong gulang, ikaw ay isang menor de edad. Ang mga menor de edad ay dapat may magulang o legal na tagapag-alaga na kasamang pumirma sa kanilang aplikasyon. Ibig sabihin, pareho kayong pipirma. Dapat kang magbigay ng patunay na sila ang iyong magulang o tagapag-alaga. Ang mga halimbawa ng patunay ay:

- Orihinal o sertipikadong sertipikasyon ng kapanganakan na may pangalan ng iyong magulang, o
- Mga dokumento ng korte na nagpapakita ng legal na pangangalaga.

Kung ikaw ay may asawa at ang iyong asawa ay 18 o mas matanda, maaari kayong magkasamang pumirma. Dapat kang magbigay ng patunay na ikaw ay kasal.

Kung wala kang magulang, legal na tagapag-alaga o asawa, maaaring kasamang pipirma ang isang responsableng nasa hustong gulang kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang. Ang employer na nasa hustong gulang ang isang halimbawa. Sa kasong ito, kailangan mong magbigay ng patunay gaya ng mga sertipiko ng kamatayan ng iyong mga magulang o patunay ng pagpapalaya. Ang pagpapalaya ay nangangahulugan na ang korte ay nagpasya na ang isang menor de edad ay wala na sa ilalim ng kontrol ng kanilang mga magulang.

## F. Pagkansela ng Kasamang-Pumirma sa Lisensya ng Menor de edad

Maaaring kanselahin ng kasamang-pumirma ang lisensya ng isang menor de edad sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na kahilingan sa Dibisyon ng Administratibong Paghahatol (Administrative Adjudication Division) ng MVA. Mananatiling kanselado ang iyong lisensya hanggang sa maabot mo ang edad na 18, maliban kung ang isang kasamang-pumirma ay pipirma ng bagong aplikasyon para sa iyo. Dapat nilang matugunan ang mga kwalipikasyon na inilarawan sa itaas.

## G. Mga Lisensya sa Labas ng Bansa

Kung mayroon kang lisensya mula sa ibang bansa, dapat mong matagumpay na kumpletuhin ang sumusunod upang makakuha ng lisensya sa Maryland:

- Pagsusuri sa paningin.
- Pagsubok sa kaalaman.
- Pagsubok sa kasanayan sa pagmamaneho.
- Isang tatlong-oras na programang pang-edukasyon sa kaligtasan sa kalsada na inaprubahan ng MVA. Makikita mo ang listahan ng mga ito sa website ng MVA.

Kung ang iyong lisensya na mula sa ibang bansa ay hindi Ingles, dapat ka ring:

- Magkaroon ng Internasyonal na Lisensya, o
- Isalin ang iyong lisensya sa Ingles.

Ang mga pagsasalin ng dokumento ay dapat ihanda ng (at nasa pamuhatan ng):

- Tagapagbigay na inaprubahan ng MVA o tagasalin ng hukuman, O
- Ang embahada ng bansang pinagmulan.

Ang mga dokumentong ito ay dapat maglaman ng:

- Nakasulat/naka-printa na pangalan ng tagasalin, AT
- Numero ng telepono, AT
- Lagda ng tagasalin.

## H. Pagkakapantay-pantay ng Lahat ng Kostumer

### Para sa mga Kostumer ng may Wikang Banyaga

Nag-aalok ang MVA ng ilang dokumento at pagsubok sa ibang mga wika para sa mga kostumer na nangangailangan nito.

Kung nahihirapan kang makipag-usap sa Ingles, maaari kang gumamit ng tagapagsalin kapag bumisita ka sa MVA. lalo na kapag kumukuha ng pagsusulit sa kaalaman o pagsusulit sa pagmamaneho. Kung mag-aalok kami ng pagsusulit sa kaalaman sa wikang iyong sinasalita, dapat mong gamitin ito nang hindi bababa sa 5 beses bago gumamit ng tagapagsalin. Makikita mo ang listahan ng mga inaprubahang tagapagsalin sa aming website.

**TANDAAN:** Ang MVA ay hindi naniningil ng bayad para sa paggamit ng tagapagsalin. Gayunpaman, kailangan mong bayaran ang tagapagsalin para sa kanilang mga serbisyo.

Kung mayroon kang tagapagsalin at/o tagasalin kapag bumisita ka sa MVA, dapat silang magpakita ng may bisang kard na may larawan ng pagkakakilanlan (alinman sa lisensya sa pagmamaneho ng estado o kard ng pagkakakilanlan) bago magbigay ng pagsasalin sa site mismo at/o mga serbisyo sa pagsasalin. Kukumpirmahin ng kawani ng MVA na ang tagapagsalin/tagasalin ay nasa aming listahan ng naaprubahan.

**TANDAAN:** Ang mga tagapagsalin na nagbibigay ng mga serbisyo para sa pagsusuri sa kaalaman/kasanayan ay hindi maaaring magbigay ng iba pang serbisyo sa kostumer na sinusuri. Halimbawa, hindi nila maaaring patunayan ang paninirahan, magsagawa ng negosyo sa paaralan ng pagmamaneho, o mag-isyu ng mga kasunduan sa pag-upa/pagrenta.

### Para sa mga Kostumer na may mga Kapansanan

Nagbibigay ang MVA ng mga kaluwagan sa mga kostumer nito na may mga kapansanan na kumukuha ng mga pagsusulit sa kaalaman at mga kasanayan sa pagmamaneho. Kabilang dito ang:

- Karagdagang panahon para sa pagkuha ng pagsusulit.
- Suporta sa wikang pasenyas (Wikang Pasenyas ng America at Sertipikadong Bingi na Tagapagsalin)
- Pagsubok na pasalita.
- Screen Readers.
- Mga headphone.
- Mga Pantulong sa Paningin.

Nagbibigay ang MVA ng mga kaluwagan batay sa mga pangangailangan ng bawat tao. Mangyaring makipag-ugnayan sa serbisyo sa kustomer sa: feedback.mva.maryland.gov

## Kard sa Pagsisiwalat ng Kapansanan sa Paglaki (Developmental Disability)

Kung mayroon kang kapansanan sa paglaki, maaari mong piliing magdala ng Kard sa Pagsisiwalat ng Kapansanan sa Paglaki kasama ng iyong lisensya. Isa itong asul na kard na kasing laki ng lisensya sa pagmamaneho. Kabilang dito ang espasyo upang magbigay ng mga detalye tungkol sa iyong kapansanan, paano dapat pwedeng makipag-usap sa iyo, at iba pang impormasyon na maaaring gusto mong ibahagi sa mga tagapagpatupad ng batas.

Ang pagdadala ng Kard sa Pagsisiwalat ng Kapansanan sa Paglaki ay boluntaryo – ikaw ang magpapasya kung gusto mo. Ikaw o ang iyong magulang o tagapag-alaga ay makakakuha ng kard sa pamamagitan ng pagbisita sa information desk sa anumang lokasyon ng MVA. HINDI hihilingin sa iyo ng MVA na magbigay ng impormasyon o dokumentasyon tungkol sa iyong kapansanan upang makuha ang kard na ito.

# SEKSYON 3: BATAYAN SA PAGMAMANEHO

Bago ka magmaneho:

- Ikaw at ang iyong sasakyan ay dapat nasa mabuting kondisyon para magmaneho.
- Dapat ay mayroon kang dala na may bisang Pahintulot sa Mag-aaral o lisensya sa pagmamaneho, at kard ng rehistro ng sasakyan.
- Dapat mong ayusin ang iyong upuan at mga salamin, at
- Dapat mong tiyakin na ikaw at ang lahat ng mga pasahero ay nakasuot ng sinturong pankaligtasan.

## A. Maingat na Pagmamaneho

Ang pangunahing tuntunin sa pagmamaneho ay, sa lahat ng panahon, dapat kontrolin ng drayber ang sasakyan upang maiwasan ang banggaan. Kapag nagmamaneho ka ng sasakyang de-motor, responsable ka sa pagpapatakbo dito nang ligtas. Mababawasan nito ang mga panganib sa iyong sarili, iyong mga pasahero, at iba pang gumagamit ng kalsada.

### Matalas na Paningin/Kamalayan sa Pagmamaneho

Dapat kang gumawa ng patuloy na mga pagpapasya upang maging ligtas na drayber. Upang gawin ito, dapat mong malaman kung ano ang nangyayari sa paligid ng iyong sasakyan sa lahat ng panahon. Ang patuloy na pagmamasid sa iyong paligid ay makakatulong sa iyo na makakita ng mga problema na maaaring dahilan para baguhin mo ang bilis o lumipat ng linya. Kabilang dito ang pagtingin sa harap, sa tagiliran, at likuran ng iyong sasakyan.

Sa pamamagitan ng pagtingin sa harapan at pagiging handa na baguhin ang bilis o lumipat ng linya, maaari kang magmaneho nang mas ligtas at magkaroon ng panahon upang matukoy ang mga panganib. Ito ay tinatawag na maingat na pagmamaneho.



**Responsibilidad mong kontrolin ang iyong sasakyan upang maiwasan ang banggaan.**

### Pamamahala sa Panganib

Ang pagpapatakbo ng sasakyang de-motor ay isang mapanganib na aktibidad. Isaalang-alang ang mga sumusunod na hakbang upang pamahalaan ang panganib at maging isang ligtas at responsableng drayber:

- Ayusin ang iyong bilis, posisyon, at direksyon upang tumugon sa mga kondisyon ng kalsada.
- Panatilihin ang kontrol mo sa iyong sasakyan.
- Dagdagan ang panahon na kailangan mong tumugon sa kung ano ang nangyayari sa iyong paligid.
- Ipaalam sa ibang mga drayber kung ano ang plano mong gawin sa pamamagitan ng paggamit ng mga signal para sa pagliko, atbp.
- Panatilihin ang ligtas na distansya sa pagitan ng iyong sasakyan at ibang mga taong gumagamit ng kalsada.
- Huwag ipagpalagay na gagawin ng ibang mga drayber ang dapat nilang gawin.
- Palaging mag-ingat.

## B. Karapatan sa Daan

Nakakatulong ang mga patakaran sa Karapatan sa Daan na panatilihing ligtas ang lahat sa kalsada. Ang mga patakarang ito ay nagsasaad kung kailan mo dapat "ibigay ang karapatan sa daan" sa iba. Ang pagbibigay sa karapatan sa daan ay nangangahulugan ng pagpapahintulot sa ibang mga sasakyan, nagbibisikleta, o naglalakad na mauna sa iyo o tumawid ng kalsada sa harap mo. Ibig sabihin hayaan mong mauna sila.

Bagama't isinasaad ng mga patakaran kung sino ang dapat magbigay ng karapatan sa daan sa iba't- ibang sitwasyon, huwag ipagpalagay na awtomatiko kang may karapatan sa daan (ang karapatang mauna). Dapat lagi mong isaalang-alang ang sitwasyon at mga pangyayari.

Dapat mong ibigay ang karapatan sa daan sa:

- Drayber na nasa o nauna sa interseksyon.
- Drayber sa iyong kanan, kung pareho kayong dumating sa isang interseksyon sa parehong oras.
- Drayber sa iyong kanan sa four-way na interseksyon na may mga palatandaan ng paghinto.

- Mga naglalakad, nagbibisikleta, at iba pang drayber na nasa interseksyon pa rin.
- Drayber na nasa kalsada habang humihinto ka sa interseksyon na "T".
- Iba pang mga drayber, kung ikaw ay papalapit sa isang interseksyon na may nakaharap sa iyo na palatandaan na magbigay.
- Mga drayber sa magkasalungat na lane ng trapiko, kapag ikaw ay liliko sa kaliwa. Ang kasalungat na lane ng trapiko ay kung saan may mga sasakyang papunta sa kabilang direksyon.
- Mga drayber sa isang kalsadang papasukan mo mula sa driveway o isang pribadong kalsada.
- Mga drayber na nasa highway, kung ikaw ay nasa pasukan o acceleration ramp.

## C. Pag-unawa sa Bilis ng Sasakyan

Sinasabi sa iyo ng mga palatandaan sa kahabaan ng kalsada kung ano ang limitasyon ng bilis. Ang nakasulat na limitasyon ng bilis ay ang pinakamataas na legal na bilis na maaari mong lakbayin sa kalsada sa ilalim ng pinakamainam (perpektong) na kondisyon. Hindi ka dapat magmaneho nang mas mabilis kaysa sa limitasyon ng bilis. Responsibilidad mo ang laging pagmamaneho sa ligtas na bilis.

Pinakaligtas na magmaneho sa parehong bilis na paggalaw ng karamihan sa trapiko, hanggang sa maximum na limitasyon ng bilis. Ang pagmamaneho sa bilis na mas mababa kaysa sa ibang trapiko ay nanghihikayat sa ibang mga sasakyan na patuloy na lampasan ka. Pinapataas nito ang posibilidad ng banggaan.

### Pagmamaneho nang Masyadong Mabilis

Ang pagmamaneho nang lampas sa limitasyon ng bilis ay isa sa mga pinakakaraniwang sanhi ng mga banggaan ng sasakyan. Ang sobrang bilis ay hindi nakakatipid ng oras at madalas na humahantong sa mga desisyon na naglalagay sa mga tao sa panganib. Ang pagmamaneho nang lampas sa limitasyon ng bilis ay may malala at kadalasang nakapipinsalang epekto dahil ito ay:

- Binabawasan ang iyong kakayahang umikot sa mga kurbada at magmaneho sa paligid ng mga balakid sa kalsada.
- Mas matagal bago maihinto ang iyong sasakyan.
- Binabawasan ang iyong kakayahang makilala at tumugon sa peligro o mapanganib na sitwasyon.
- Pinapataas ang panganib ng mga banggaan dahil ang ibang mga sasakyan, nagbibisikleta, at naglalakad ay maaaring hindi matukoy nang tumpak ang iyong distansya.
- Pinapataas ang puwersa at epekto sa banggaan, na mas malamang na magresulta sa malubhang pinsala at pagkamatay.

### Angkop na Bilis sa Mga Kondisyon

Dapat mong alamin at ayusin ang iyong bilis sa matinding (masamang) kondisyon. Hinihiling sa iyo ng Batas sa Sasakyan ng Maryland na magmaneho sa isang makatwirang bilis at magkaroon ng kamalayan sa mga umiiral at potensyal na panganib. Maaari kang magmaneho nang mas mabagal kaysa sa nakasulat na limitasyon ng bilis, batay sa mga kondisyon ng kalsada, ngunit ilegal na magmaneho nang mas mabilis kaysa sa nakasulat na limitasyon ng bilis.

Dapat mong bawasan ang iyong bilis sa mga sumusunod na kondisyon upang manatiling ligtas:

- Matinding kurba o burol – kung saan mahirap makakita.
- Madudulas na kalsada.
- Mga kalsada kung saan maaaring may mga naglalakad at may nga hayop.
- Mga shopping center, paradahan, at lugar sa downtown.
- Matinding trapiko.
- Makikitid na tulay at lagusan.
- Mga toll plaza.
- Mga paaralan, palaruan, at kalye ng mga tirahan.
- Mga tawiran sa riles ng tren. Ito ay kapag ang mga riles ng tren ay kapantay ng kalsada.

## D. Pagsunod sa Distansya

Palaging panatilihin ang isang ligtas na distansya sa pagitan ng iyong sasakyan at ng nauuna sa iyo. Karamihan sa mga banggaan sa likuran ay dulot ng sobrang lapit na distansya. Inirerekomenda ng MVA ang pinakamababang layo ng distansya na 3 hanggang 4 na segundo sa ilalim ng katamtamang kondisyon sa pagmamaneho. Nangangahulugan ito na tumatagal ng 3 hanggang 4

na segundo upang makarating sa parehong batayang posisyong kinaroroonan ng sasakyang nasa unahan mo. Ang batayang posisyon ay isang bagay sa unahan, gaya ng tulay, overpass, pananda, o marka ng milya. Pumili ng batayang posisyon upang matukoy kung ikaw ay sumusunod sa ligtas na distansya. Habang ang sasakyan sa harap mo ay dumadaan sa bagay na iyon, simulan ang pagbilang ng 1 isang libo, 2 isang libo, 3 isang libo, atbp. Kung umabot ka sa 3 isang libo o higit pa bago maabot ng iyong sasakyan ang bagay, ikaw ay nasa 3 segundo sa likod ng sasakyan sa harap mo at naglalakbay sa ligtas na distansya.

Kapag sumusunod sa mga sasakyang madalas humihinto (mga bus, tagahatid na van), dapat habaan mo ang distansya sa pagitan ng iyong sasakyan at ng nauuna sa iyo sa apat o limang segundo, at posibleng higit pa kung kinakailangan.

## E. Distansayo sa Paghinto

Ang distansayo na kinakailangan upang ihinto ang iyong sasakyan ay mahalaga upang matulungan kang pumili ng ligtas na bilis ng pagmamaneho. Ang iyong distansayo sa paghinto ay depende sa maraming bagay, kabilang ang:

- Ang tagal ng oras na kailangan mong makita na mayroong mapanganib na sitwasyon.
- Ang uri at kondisyon ng kalsada.
- Ang kondisyon ng tread ng iyong gulong.
- Ang kondisyon ng preno ng iyong sasakyan.

## F. Pagmamaneho sa Linya

Dapat mong imaneho ang iyong sasakyan sa isang linya lamang. Huwag lumipat ng linya hanggang sa matukoy mong ligtas itong gawin. Hindi ka dapat tumawid sa mga linya ng daan o lumipat ng linya kapag nasa isang interseksyon.

Sa kalahatan, dapat mong panatilihin ang iyong sasakyan sa kanan ng gitna ng kalsada, maliban kung:

- Lalampasan mo ang isa pang sasakyan na papunta sa parehong direksyon,
- May palatandaan ng trapiko o signal na nagsasabing okey lang gawin, o
- May isang bagay sa daan kung kaya kailangan mong baguhin ang iyong posisyon nang ligtas.

## G. Pagliko

Kapag lumiliko, dapat mong:

- Tingnan ang mga palatandaan at signal na nagsasabi kung kailan ka maaaring lumiko.
- Planuhin ang iyong pagliko bago umabot sa lilikuhan.
- Buksan ang iyong signal sa pagliko bago ka makarating sa lilikuhan para ipaalam sa ibang mga drayber kung ano ang plano mong gawin.
- Tumingin sa harap, likod, at sa magkabilang panig ng iyong sasakyan upang matiyak na ligtas lumiko.
- Isaayos ang iyong bilis para sa pagliko.

## H. U-turn

Ang mga pag-U-turn ay maaaring maging lubhang mapanganib at hindi legal sa lahat ng dako. Kung kailangan mong mag-U-turn, tingnan muna kung pinahihintulutan ang pag-U-turn. Kung oo, buksan ang iyong signal sa pagliko pakaliwa at huminto at pagbigyan ang trapikong papunta sa iyo. Kapag maluwag ang daan, lumiko sa papunta sa labas o kanang lane na papunta sa kabilang direksyon.

## I. Paglalampas

Kapag pinahihintulutan ang paglalampas sa ibang mga sasakyan, kailangan mong:

- Tantiyahin ang oras at espasyo na kailangan para makalampas at siguraduhing makakalampas ka nang hindi nakaharang sa anumang sasakyan.
- Gamitin ang iyong signal sa pagliko bago lumampas para malaman ng mga drayber sa paligid mo kung ano ang plano mong gawin.
- Mag-iwan ng maraming espasyo at umikot sa kabilang sasakyan sa ligtas na distansya.
- Tingnan ang magkabilang mga ilaw sa harap ng nalampasang sasakyan sa iyong likurang salamin bago bumalik sa lane na pinanggalingan mo.

Sa kalahatan, dapat kang lumampas sa kaliwang panig ng kabilang sasakyan. Gayunpaman, okey lang na dumaan sa kanang panig kung ligtas na gawin ito, mananatili ka sa kalsada, at:

- Ang kabilang sasakyan ay liliko na sa kaliwa.
- Ikaw ay nasa walang nakaharang na kalsada na may dalawa o higit pang lane na patungo sa parehong direksyon. Ang kahulugan ng walang nakaharang ay walang linyang humahati sa kalsada, mga palatandaan, o iba pang bagay sa daan.
- Ikaw ay nasa walang nakaharang na one-way na kalsada na may dalawa o higit pang lane.

Kapag nilalampasan ka ng ibang sasakyan, dapat mong pagbigyan ang kabilang sasakyan at huwag dagdagan ang iyong bilis.

Hindi ka maaaring lumampas:

- Kapag ikaw ay nasa bahaging di-pwedeng lumampas.
- Kung nasa panig mo ang solidong dilaw na linya sa gitna ng kalsada.
- Kung mayroong dobleng solidong dilaw na linya.
- Kapag ang paglampas ay makagagambala sa ligtas na pagtakbo ng iba pang mga sasakyan.
- Kapag papalapit sa tuktok ng isang burol o sa isang kurba at hindi mo makita nang malinaw ang unahan.
- Kapag may humaharang sa paningin mo habang lumalapit ka sa loob ng 100 talampakan mula sa isang tulay, nakataas na kalsada, o lagusan.
- Kapag tumatawid o sa loob ng 100 talampakan mula sa interseksyon o tawiran ng riles ng tren.
- Sa gilid ng kalsada, sa kanan man o sa kaliwa.

## J. Pangkalahatang Mga Patakaran sa Pagpaparada

Responsibilidad mong tiyakin na ang iyong sasakyan ay hindi mapanganib kapag ito ay nakaparada. Nangangahulugan ito na hindi ito nagdudulot ng pinsala sa sinuman. Dapat lagi kang:

- Magparada lamang sa mga lugar na paradahan.
- Kapag nagpaparada sa kahabaan ng kalsada, iparada ang iyong sasakyan na malayo sa trapiko hangga't maaari. Kung may bangketa, magparada nang malapit dito hangga't maaari.
- I-set ang iyong preno sa pagpaparada kapag pumarada ka.
- Ilagay ang sasakyan sa kambiyo kung ito ay may manwal na transmisyon o sa 'pumarada' (park) kung ito ay may awtomatikong transmisyon.




- Tingnan ang iyong mga salamin at trapiko bago buksan ang pinto. Isara kaagad ang pinto pagkalabas mo.
- Dalhin ang susi ng iyong sasakyan. Magandang ugaliing ikandado ang mga pinto tuwing iiwan ang iyong sasakyan.



**Sa mga lugar kung saan nakikita mo ang mga palatandaan na "manatili sa kanan", magmaneho sa kanan na lane o mga lane maliban kung may nilalampasan kang sasakyan.**

# SEKSYON 4: MGA PALATANDAAN, SIGNAL, AT MGA MARKA SA SEMENTO

Dapat sundin ng lahat ang mga aparato sa pagkontrol ng trapiko. Ang mga aparato sa pagkontrol ng trapiko ay mga signal ng trapiko, palatandaan, at mga marka sa semento (mga linya sa kalsada) na kumokontrol, nagbababala, at gumagabay sa trapiko. Ang hindi pagsunod sa mga aparato sa pagkontrol ng trapiko ay isang pangunahing sanhi ng mga banggaan.

Ang tanging oras na hindi mo kailangang sundin ang lahat ng mga aparato sa pagkontrol ng trapiko ay kapag sinabihan ka ng isa sa mga sumusunod na gumawa ng ibang bagay:

- Pulis o iba pang tauhang pang-emerhensiya.
- Naka-unipormeng guwardiya sa pagtawid na namamahala sa trapiko na malapit sa paaralan.


Mga patakaran sa trapiko na dapat mong sundin.

Kapag hindi gumagana ang signal ng trapiko:

- Dapat kang huminto sa malinaw na namarkahang linya ng paghinto. Ang linya ng paghinto ay malawak na puting linya na pininturahan sa kalsada na nagpapakita kung saan ka dapat huminto sa isang interseksyon.
- Kung walang malinaw na namarkahang linya ng paghinto, dapat kang huminto bago pumasok sa tawiran.
- Kung walang malinaw na namarkahang linya ng paghinto o tawiran, dapat kang huminto bago pumasok sa interseksyon.
- Dapat mong pagbigyan ang mga sasakyan at mga naglalakad sa interseksyon, at manatiling nakahinto hanggang sa ligtas nang pumasok at magpatuloy sa interseksyon.
- Kapag dumating ka sa interseksyon, hindi ka maaaring magmaneho patawid sa pribadong pag-aari o umalis sa kalsada upang maiwasan ang pagsunod sa aparato sa pagkontrol ng trapiko.

## A. Mga Signal ng Trapiko

### *Mga Signal ng Sasakyan*




**1. Hindi Nagbabagong Pulang Signal**

Ganap na huminto sa linya ng paghinto. Kung walang linya ng paghinto, huminto bago ang tawiran at bago pumasok sa interseksyon. Manatiling nakahinto hangga't pula ang signal.

Maliban kung ipinagbabawal ng palatandaan ang pagliko kapag naging pula, pagkatapos na ganap na huminto, maaari kang:


- Lumiko pakanan, o
- Lumiko pakaliwa mula sa isang one-way na kalye patungo sa isa pang isang one-way na kalye.

Kapag lumiliko at pula ang signal, dapat kang magbigay ng karapatan sa daan sa mga naglalakad at lahat ng iba pang trapiko.




**2. Hindi Nagbabagong Dilaw na Signal**

Nangangahulugan ito na ang signal ay nagbabago mula berde hanggang pula. Nagbibigay ito sa iyo ng panahon upang huminto nang ligtas. Nagbibigay din ito ng panahon sa mga sasakyang nasa interseksyon para makadaan dito bago maging pula ang signal. Kung ikaw ay masyadong malapit sa interseksyon upang makahinto nang ligtas, maingat na magpatuloy sa interseksyon.




### 3. Hindi Nagbabagong Berde na Signal

Magpatuloy nang may pag-iingat pagkatapos lang na tiyaking walang ibang sasakyan na nasa interseksyon. Nangangahulugan ito na maging maingat at magbigay-pansin. Kapag ligtas nang magpatuloy, maaari kang pumasok sa interseksyon upang dumiretso o lumiko maliban kung may pananda o ibang signal na nagbabawal sa pagliko. Dapat mong pagbigyan ang mga naglalakad at mga sasakyang naroon na sa interseksyon.




### 4. Hindi Nagbabagong Pulang Signal ng Arrow

Kung gusto mong pumunta sa direksyon na itinuturo ng arrow, ganap munang huminto bago makarating sa linya ng paghinto, tawiran, o interseksyon. Manatiling nakahinto hangga't pula ang signal ng arrow.




### 5. Hindi Nagbabagong Dilaw na Signal ng Arrow

Nangangahulugan ito na ang pahintulot na lumiko sa direksyon ng arrow ay natatapos na. Dapat mong bagalan ang takbo at magpatuloy nang may pag-iingat.



### 6. Hindi Nagbabagong Berde na Signal ng Arrow


Magpatuloy nang may pag-iingat sa direksyon na itinuturo ng arrow. Dapat mong pagbigyan ang lahat ng naglalakad at mga sasakyang naroon na sa interseksyon.



### 7. Kumikislap na Pulang Signal


Ganap na huminto sa linya ng paghinto. Kung walang linya ng paghinto, huminto bago ang tawiran at bago pumasok sa interseksyon. Pagbigyan ang lahat ng iba pang trapiko at mga naglalakad. 1. Magpatuloy kapag tumigil na ang kumikislap na pulang signal at ligtas nang dumaan.

Kung ang isang kumikislap na pulang signal ay matatagpuan sa tawiran ng riles, kailangan mong ganap na huminto, kahit na wala kang nakikitang tren. Magpatuloy kapag maluwag na ang daan.



### 8. Kumikislap na Dilaw na Signal

Kailangan mong bagalan ang takbo at magpatuloy nang may pag-iingat.



### 9. Kumikislap na Pulang Signal ng Arrow

Ganap na huminto bago makarating sa linya ng paghinto, tawiran, o interseksyon. Pagbigyan ang lahat ng iba pang trapiko at mga naglalakad. Magpatuloy sa direksyon ng arrow kapag maluwag na ang daan.

### 10. Mga Signal sa Paggamit ng Lane


Sa ilang kalsada, ang mga sasakyan sa ilang mga lane ay maaaring pumunta sa isang direksyon sa ilang partikular na oras ng araw, at sa kabilang direksyon sa ibang oras. Ito ay batay sa kung gaano kabigat ang trapiko sa iba't-ibang oras ng araw. Ang mga ito ay tinatawag na reversible lane. Sasabihin sa iyo ng mga signal sa paggamit ng lane kung anong direksyon ang maaari mong puntahan. Ang mga lane at ang kanilang mga direksyon ay maaaring markahan ng mga pananda, signal, at mga marka.




Hindi ka dapat kailanman magmaneho sa isang lane na may pulang signal na "X".



Maaari kang magmaneho sa lane na may berdeng signal ng arrow.



Ang hindi nagbabagong signal ng dilaw na "X" ay nangangahulugang dapat kang umalis sa lane sa sandaling ligtas nang gawin ito.






Ang kumikislap na signal ng dilaw na "X" o arrow ng two-way na left-turn ay nangangahulugan na maaari mong gamitin ang lane para lumiko pakaliwa. Malamang na makikihati ka sa lane sa kumakaliwang mga sasakyang na nagmumula sa kabilang direksyon.






## *Mga Signal ng Tawiran*

Ang signal sa tawiran ang nagpapahinto sa trapiko upang ang mga naglalakad ay makatawid nang ligtas sa kalsada. Ginagamit ng mga naglalakad ang signal sa pamamagitan ng pagpindot ng button sa poste sa gilid ng kalsada. Sinasabi nito sa mga drayber na huminto at pagkatapos ay sasabihin sa mga naglalakad na tumawid. Nasa ibaba ang mga signal na nakikita ng mga naglalakad at drayber.

### Mga naglalakad:

| **Tingnan Ito** | **Gawin ito** |
|---|---|
|  | Huminto. Pindutin ang button para tumawid. |
|  | Maghintay! |
|  | Patuloy na maghintay. |
|  | Tumingin sa magkabilang direksyon. Magsimulang tumawid pagkatapos huminto ang trapiko. |
|   | Huwag magsimula. Tapusin ang pagtawid kung sinimulan. |
|  | Huminto. Nagsimula nang gumalaw ang trapiko. |

### Mga Drayber:

| **Tingnan Ito** | **Gawin ito** |
|---|---|
|  | Magpataloy. |
|  | Kumikislap na dilaw. Bagalan. |
|  | Solidong Dilaw. Maghanda para huminto. |
|  | Solidong Pula. Huminto! |
|  | Kumikislap na pula. Huminto. Magpatuloy nang may pag-iingat. |
|  | Magpatuloy nang may pag-iingat. |

# B. Mga Pananda ng Trapiko

## *Mga Kulay at Hugis*

Gumagamit ng simbolo at salita ang mga pananda ng trapiko upang maiparating ang impormasyon. Dapat mong mabilis na matukoy ang mga palatandaan ng trapiko sa pamamagitan ng kanilang mga hugis at kulay, at ang mga salita, numero, o simbolo sa mga ito. Mabilis na masasabi sa iyo ng pangunahing kulay sa paligid ng palatandaan ng trapiko kung anong uri ng impormasyon ang mayroon ito.

**Pula -** Huminto, magbigay, huwag pumasok, o maling daan.

**Dilaw -** Pangkalahatang babala kung ano ang mangyayari.

**Puti -** Limitasyon sa bilis, manatili sa kanan, at ilang mga palatandaang gabay.

**Kahel -** Babala sa lugar ng trabaho ng konstruksyon at pagmementena.

**Berde -** Mga destinasyon, distansya, at direksyon.

**Asul -** Mga serbisyo gaya ng mga palatandaan ng pagkain, gas, at pahingahan.

**Kayumanggi -** Mga lugar ng libangan at pangkulturang interes.

**Maliwanag na Dilaw-Luntian -** Mga palatandaan ng paaralan, naglalakad, at bisikleta.

**Maliwanag na Kulay Rosas -** Pang-emerhensiyang mga insidente ng trapiko.

**Itim -** Mga palatandaan ng One Way at mga palatandaan na nagpapalit ng mga mensahe.

**Octagon: Huminto**

Ang octagonal (walong panig) na hugis ay palaging nangangahulugan ng paghinto. Dapat ganap kang huminto.

**Tatsulok: Magbigay**

Bagalan ang takbo at, kung kinakailangan, huminto upang magbigay ng karapatan sa daan sa ibang mga sasakyan at naglalakad.

**Diamond: Babala**

Ang mga palatandaang ito ay babalaan ka ng mga espesyal na kondisyon o panganib. Maaaring kailanganin mong bagalan ang takbo, upang maging handa na gumawa ng naaangkop na aksyon.

**Panulat: Bawal Lumampas**

Minamarkahan ang simula ng lugar na bawal lumampas. Huwag lampasan ang ibang sasakyan.

**Parihaba: Panregulatoryo o Gabay**

Ang mga patayong palatandaan ay karaniwang nagbibigay ng mga tagubilin o nagsasabi sa iyo ng mga patakaran sa kalsada. Ang mga pahalang na palatandaan ay karaniwang nagbibigay ng mga direksyon o impormasyon.

**Pentagon: Lugar ng Paaralan at Tawiran ng Paaralan**

Binabalaan ka ng hugis na pentagon (limang panig) sa mga lugar ng paaralan at minamarkahan ang mga tawiran ng paaralan kung saan tumatawid sa kalsada ang mga batang mag-aaral.

**Bilog: Babala sa Riles ng Tren**

Ginagamit upang magbigay ng babala na may riles ng tren sa unahan.

**Crossbuck: Highway—Tawiran sa Grade ng Riles**

Tinutukoy ang lokasyon ng tawiran sa riles.

**Trapezoid**

Mga lugar ng libangan at pangkulturang interes at Mga Ruta ng Pambansang Kagubatan.

## Mga Palatandaan ng Regulasyon

Ang mga palatandaang ito ay tungkol sa mga batas trapiko. Dapat mong sundin ang mga ito.




1. **8-Panig na Palatandaan, Mga Puting Letra sa Pula**

   Ang palatandaan ng paghinto ay ang tanging 8-panig na palatandaang makikita mo sa kalsada. Kapag dumating ka sa palatandaan ng paghinto:

   - Kailangan mong ganap na huminto sa linya ng paghinto.
   - Kung walang marka sa linya ng paghinto, dapat kang huminto bago pumasok sa tawiran.
   - Kung walang linya ng paghinto o tawiran, huminto bago pumasok sa interseksyon.

   Dapat mong pagbigyan ang mga sasakyan at mga naglalakad sa interseksyon; at manatiling nakahinto hanggang sa ligtas nang pumasok at magpatuloy sa interseksyon.




2. **3-Panig na Palatandaan, Mga Pulang Letra sa Puti**

   Ang palatandaan na magbigay ay ang tanging palatandaan na may hugis na ganito. Bagalan ang takbo habang papalapit ka sa palatandaan na magbigay. Tumingin sa kaliwa at kanan. Pagbigyan ang mga naglalakad, bisikleta, at sasakyan. Sa sandaling napagbigyan mo na ang mga sasakyan, bisikleta, at naglalakad, maaari ka lamang magpatuloy kapag maaari mong gawin ito nang ligtas.




3. **Parihabang (4-panig) mga Palatandaan, Itim sa Puti**

   Ang mga palatandaang ito ang kumokontrol sa trapiko. Sinasabi sa iyo ng palatandaang ito ang maximum na limitasyon ng bilis para sa bahagi ng kalsada kung saan ito nakapaskil.



Bawal ang Lumiko sa Kanan



Bawal ang Lumiko sa Kaliwa



Bawal ang mag-U-turn




Bawal ang Lumiko




Lumiko Lamang sa Kaliwa




Bawal Pumasok




Bawal Pumarada




Bawal Lumiko 'Pag Pula




Bawal Lumampas



Manatili sa Kanan ng Gitna




Lumiko Pakaliwa Magbigay 'Pag Berde




Lane ng Bisikleta




Maling Direksyon




Nakalaan para sa mga taong may mga pahintulot sa paradahan ng may kapansanan




Two-way Pagliko Pakaliwa

Maaaring gamitin ng mga sasakyang naglalakbay sa alinmang direksyon ang gitnang lane upang kumaliwa




Ang One Way

na Trapiko ay maaari lamang pumunta sa direksyon ng arrow




Mga Sasakyang Marami ang Sakay

Maaari mo lamang gamitin ang lane na ito kung mayroon kang bilang ng mga tao sa sasakyan na nakamarka sa palatandaan

# Mga Palatandaan

Ang mga palatandaang ito ang nagsasabi sa mga drayber sa mga sitwasyong paparating sa kalsada.



Huminto sa Unahan



Magbigay sa Unahan



Signal sa Unahan



Biglang Pagliko Pakanan



Tawiran ng Pedestrian



Mga Traffic Circle (tinatawag ring roundabout)




Limitasyon ng Bilis




Limitasyon ng Bilis sa Paglabas sa Ramp




Lugar na Bawal Lumampas



Dalawang kalsada ang magsasama



Mahahati ang Kalsada sa Unahan



Magtatapos ang Nahating Kalsada sa Unahan



Pakurbadang Kalsada



Mga Biglang Pagliko



Pakurbang Kalsada



Kalsada sa Gilid Papasok sa Unahan





Nagtatapos ang Lane Magme-merge sa Kaliwa



Interseksyon



Interseksyong "T" sa Unahan



May Riles ng Tren bago ang interseksyong "T"



Matarik na Burol



Madulas Kapag Basa



Nagtatapos ang Lane




Tawiran ng Trak




Tawiran ng Trail



Tawiran ng Naglalakad at Bisikleta



Tawiran ng Usa o Ibang Uri ng Mabangis na Hayop



Taga-senyas sa Unahan




Ginagawang Kalsada sa Unahan




Detour




Tawiran ng Paaralan sa Unahan



Hintuan ng Bus ng Paaralan sa Unahan




Simula ng Work Zone




Katapusan ng Active Work Zone




Aktibo ang Work Zone Kapag Nag-flash (Mataas na Parusa)

### Paggamit ng Lane sa Taas

Makikita mo ang mga palatandaang ito sa itaas ng kalsada. Nagbibigay ang mga ito ng impormasyon tungkol sa mga destinasyon, direksyon, at kung paano gamitin ang mga lane.




### Mga Palatandaan ng Marka ng Ruta

Ang ilang mga kalsada ay may numero. Tinatawag itong mga numero ng ruta. Tinutukoy ng mga palatandaang ito ang numero ng ruta at ang uri ng kalsada.





Interstate | U.S. Route | State Route

### Impormasyon sa Serbisyo at mga Gabay na Palatandaan

Tinutukoy ng mga palatandaang ito ang mga negosyo at serbisyong makikita mo kung lalabas ka sa ilang partikular na labasan.




Paradahan at Sakayan | Gabay sa Destinasyon | Palatandaan ng Pangkalahatang Serbisyo



Matutuluyan | Ospital | Gas | Pagkain | Paliparan | Istasyon ng tren

### Mga Palatandaan ng Marka ng Milya


Ang mga ito ay matatagpuan sa bawat milya sa mga interstate highway. Magbibigay ito ng magagamit mong impormasyon ng lokasyon kung kailangan mo ng maghahanap sa iyo. Halimbawa, isang tow truck o mga tauhang pang-emerhensiya.



# C. Mga Marka sa Semento


## *Mga Uri ng mga Marka ng Linya*

Ang mga marka sa bangketa ay mga linya sa kalsada. Nagbibigay ito ng mahalagang patnubay at impormasyon nang hindi mo kailangang tumingin palayo sa kalsada. Dapat mong makilala ang lahat ng sumusunod na mga marka sa semento at unawain kung ano ang ibig sabihin ng mga ito. Maaaring mas malawak ang mga linya sa ilang lokasyon at/o may mga nakakabit na reflective marker para makuha ang iyong atensyon at tulungan kang makita ang mga linya.




**Putol na Nag-iisa - Puti**

Pinaghihiwalay ang mga lane kung saan ang lahat ng sasakyan ay papunta sa parehong direksyon, at ang pagtawid mula sa isang lane patungo sa kabila ay pinahihintulutan. Ginagamit sa mga kalsadang may higit sa isang lane.




**Putol na Nag-iisa - Dilaw**

Pinaghihiwalay ang mga lane kung saan ang mga sasakyan ay naglalakbay sa magkasalungat na direksyon, at ang paglalampas nang may pag-iingat ay pinahihintulutan sa alinmang direksyon. Ginagamit bilang sentrong linya sa 2-lane, 2-way na mga kalsada.




**Nag-iisang Solido - Puti**

Minamarkahan ang kanang gilid ng kalsada. Naghihiwalay din ng mga lane kung saan ang lahat ng sasakyan ay papunta sa parehong direksyon, ngunit ang pagpapalit ng lane ay hindi pinahihintulutan.




**Nag-iisang Solido - Dilaw**

Nagmamarka ng mga kaliwang gilid na linya sa mga nahahati na highway, one-way na kalsada, at mga rampa. Ang nahati na highway ay may bakod, piraso ng lupa, o iba pang balakid sa pagitan ng mga sasakyan na naglalakbay sa bawat direksyon.





**Dobleng (magkatabi) Putol - Dilaw**

Minamarkahan ang mga gilid ng balikang lane – mga lane kung saan dumadaloy ang mga sasakyan sa isang direksyon nang ilang beses at sa ibang direksyon sa mga ibang pagkakataon. Maaari kang pumasok at lumabas sa lane batay sa kung ano ang sinasabi ng mga palatandaan ng trapiko at pinahihintulutang signal.




**Dobleng (magkatabi) Solido - Puti**

Pinaghihiwalay ang mga lane kung saan papunta ang lahat ng trapiko sa parehong direksyon at hindi ka pinahihintulutang magpalit ng lane. Maaari ding gamitin para paghiwalayin ang mga pangkalahatang lane mula sa mga HOV lane. Gayundin, maaaring gamitin bago ang mga sagabal na maaari mong madaanan sa alinmang panig.



**Dobleng (magkatabi) Solido - Dilaw**

Pinaghihiwalay ang mga lane kung saan papunta ang mga sasakyan sa magkaibang direksyon at ang paglalampas ay hindi pinahihintulutan sa alinmang direksyon. Maaari kang lumiko pakaliwa patawid sa dobleng solidong dilaw na linya. Halimbawa, kapag lumiliko sa isang driveway.




**Solido at Putol - Dilaw**

Ginagamit sa mga two-way na kalsada kung saan pinahihintulutan ang paglalampas sa isang direksyon lamang. Ang maingat na paglalampas ay:

- Pinapayagan para sa trapiko sa panig ng putol na linya.
- Hindi pinapayagan para sa trapiko sa panig ng putol na linya.

Ginagamit din para markahan ang mga gilid ng two-way na mga lane na paliko sa kaliwa – ang mga solidong linya ay nasa labas at ang mga putol na linya ay nasa loob.



**Nag-iisang Putol– Dilaw o Puti**

Ipinagpapatuloy ang mga linya ng lane sa mga interseksyon. Ang mga drayber sa mga interseksyon ay dapat manatili sa loob ng mga marka ng lane.

## *Iba pang mga Marka sa Semento*

Ang iba pang mga marka sa semento ay mahalaga sa ligtas na pagmamaneho. Mahalaga rin na makilala at maunawaan ang mga ito. Kabilang sa mga ito ang:

### Linya sa Paghinto



Puti, solidong linya na nagpapakita kung saan dapat huminto ang sasakyan sa palatandaan na "STOP" (Huminto) o pulang signal ng trapiko.

### Mga Linya para Magbigay




Mga hilera ng maliliit na tatsulok patawid sa lane na nagpapakita kung saan dapat magbigay ang isang sasakyan sa iba pang mga sasakyan o mga naglalakad.

### Mga Markang Salita at Simbolo

Mga marka na nagsasabi sa iyo kung:

- Paano gumamit ng lane.
- Tungkol sa mga pagbawas ng lane (halimbawa, ang kalsada ay nagbabago mula sa dalawang lane para maging isa lang).



- Anong direksyon ang pupuntahan.
- Mga markang ginagamit kasama ang mga arrow o iba pang mensahe upang ipakita kung paano ka maaaring lumipat sa lane na iyon.



- Mga marka ng 'SCHOOL' at 'RxR' upang magbigay ng babala na papalapit ka sa mga lugar ng paaralan at mga tawiran ng riles.








## *Mga Marka sa Semento ng mga Naglalakad at Bisikleta*

Karamihan ng mga kalsada sa Maryland na ginagamit pareho ng mga bisikleta at mga sasakyang de-motor ay walang mga partikular na palatandaan ng trapiko o mga marka sa semento. Ang ilang mga kalsada ay may mga marka ng shared-use lane (tingnan ang mga larawan). Makikita ang karamihan ng mga ito sa mga lungsod. Ang mga markang ito ay para:


- I-alerto ang mga drayber na maaaring nasa kalsada ang mga nagbibisikleta,
- Sabihin sa mga nagbibisikleta kung saan magpapatakbo, at
- Iwasan ang pagbibisikleta sa maling direksyon.

Ang ilang mga kalsada ay may mga marka sa semento na nagpapakita ng mga lane na para lamang sa mga bisikleta. Ang mga solido o putol na linyang puti ay naghihiwalay sa mga lane ng bisikleta mula sa mga lane ng sasakyang de-motor. Maaari kang makakita ng mga lane ng bisikleta na may markang mga palatandaan ng lane o ng mga simbolo at arrow ng bisikleta.




Kung pinapayagan ang nakalinyang pagpaparada, ang mga katulad na linya ay maaaring paghiwalayin ang mga lane ng bisikleta mula sa mga lane na paradahan.

Ang mga linya ng tawiran ng naglalakad ay puti, solidong mga linya na nagpapakita kung saan tumatawid ang mga naglalakad. Ang mga tawiran ay maaaring may mga karagdagang linya sa pagitan ng puti, solidong mga linya o bilang kapalit ng mga ito.





## Maging drayber na bumabagal

Maging drayber na nagliligtas ng buhay



## Maging drayber na naka-sinturon sa upuan

Maging drayber na nagliligtas ng buhay

Ayon sa Administrasyon ng Pambansang Kaligtasan ng mga Sasakyan sa Highway, ang banggaan sa kalsada na may limitasyon ng bilis na 65 milya bawat oras (mph) o mas mataas ay:

- Higit sa dalawang beses na mas malamang na magresulta sa kamatayan kaysa sa banggaan sa kalsada sa limitasyon ng bilis na 45 o 50 mph.
- Halos limang beses na mas malamang na magresulta sa kamatayan kaysa sa banggaan sa kalsada sa limitasyon ng bilis na 40 mph o mas mababa.

Ang pagiging BUMABAGAL na Drayber ay humihimok sa mga drayber na sumunod sa mga limitasyon ng bilis. Kung kailangan mo ng bilis, manatili sa paglalaro ng mga video game.

Ang pagsusuot ng sinturon sa upuan ay ang nag-iisang pinaka-epektibong paraan upang maiwasan ang kamatayan at malubhang pinsala sa banggaan ng sasakyan. Maging Drayber na naka-SINTURON SA UPUAN at suotin ang iyong sinturon sa upuan – sa bawat biyahe, bawat pagsakay, 'pag umupo sa harap o likod na upuan. Humigit-kumulang 90 porsiyento ng mga drayber at pasahero ng Maryland ang nagsusuot ng kanilang sinturon sa upuan, ngunit ang aming layunin ay 100 porsiyento. Bawat taon, daan-daang drayber at pasahero na walang suot na sinturon sa upuan ang malubhang nasusugatan o namamatay sa ating mga kalsada. Karamihan sa mga pinsala at pagkamatay na iyon ay naiwasan sana kung ang mga taong iyon ay naka-sinturon sa upuan sa oras ng banggaan. Tumatagal ng tatlong segundo upang mag-sinturon sa upuan ngunit maaari itong makapagpatagal ng buhay.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang:
**ZeroDeathsMD.gov.**

# SEKSYON 5: MGA SITWASYON AT KUNDISYON SA PAGMAMANEHO

## A. Pagmamaneho kapag Nabawasan ang Kakayahang Makakita


Ang kakayahang makakita ay ang iyong kakayahang malinaw na makita ang lahat ng bagay sa paligid mo sa kalsada, gaya ng iba pang mga sasakyan, naglalakad, mga palatandaan sa kalsada, signal, at mga marka sa semento. Ang nabawasan o malabong kakayahang makakita ay nangangahulugang mas mahirap makita ang mga bagay na ito. Iba-ibang bagay ang maaaring magdulot ng nabawasang kakayahang makakita, ngunit ang pinakakaraniwan ay ang kadiliman, hamog, malakas na ulan, at niyebe.

Ang pagmamaneho kapag nabawasan ang kakayahang makakita ay mas mahirap kaysa sa "normal" na pagmamaneho at nangangailangan ng higit na konsentrasyon at paghahanda. Kapag nagmamaneho sa mga sitwasyong nabawasan ang kakayahang makakita, tandaan:

- Gamitin ang mga linya sa gilid ng kalsada o kanang bahagi ng kalsada bilang gabay.
- Ang mga dilaw na marka sa semento ay hindi dapat nasa iyong kanang gilid. Dapat ang mga ito ay palaging nasa iyong kaliwang gilid. Ang dilaw ay ginagamit upang hatiin ang trapiko sa magkasalungat na direksyon. Minamarkahan nito ang kaliwang gilid ng kalsada.
- Ang mga puting marka sa semento ay marka sa kanang gilid ng kalsada. Hinahati din nito ang trapiko na naglalakbay sa parehong direksyon.

### Kailan Gagamitin ang Iyong Mga Ilaw sa Harap

Ang pag-alam kung kailan at kung paano gamitin ang iyong mga ilaw sa harap ay mahalaga para sa ligtas na pagmamaneho. Gamitin ang iyong mga ilaw sa harap upang matulungan kang makita kung malabo ang nakikita. Ang paggamit sa iyong mga ilaw sa harap ay nakakatulong din na makita ka ng paparating na mga sasakyan.




Narito ang ilang pangunahing patakaran sa paggamit ng ilaw sa harap:

- Kapag nagmamaneho, dapat mong buksan ang iyong mga ilaw sa harap anumang oras na hindi sapat ang liwanag upang malinaw na makita ang hindi bababa sa 1,000 talampakan sa harap ng iyong sasakyan.
- Ang mga kondisyon sa gabi, mahamog, at mabagyong panahon ay ang tamang oras para gumamit ng mga ilaw sa harap.
- Iniaatas ng batas ng Maryland na buksan mo ang iyong mga ilaw sa harap kapag ginagamit ang iyong mga wiper ng windshield sa masamang panahon. Ang masamang panahon ay hindi magandang lagay ng panahon na maaaring magdulot ng hindi ligtas na mga kondisyon.

### Mababang Sinag o Mataas na Sinag ng mga Ilaw sa Harap

Gumamit ng mababang sinag kapag:

- Nagmamaneho sa mga normal na sitwasyon, gaya ng pagmamaneho sa gabi sa kalsadang may mga streetlight.
- Nagmamaneho sa hamog, ulan, niyebe, atbp.
- Papasok sa lagusan o lugar ng konstruksyon. (Hindi ito palaging iniaatas ng batas, ngunit pinadadali para sa ibang mga drayber at manggagawa na makita ka.)

Gumamit ng mataas na sinag sa mga kalsada na walang mga ilaw para makita mo ang ibang mga sasakyan at tao. Kailangan mong:

- Magpalit sa mababang sinag ng hindi bababa sa 500 talampakan bago maabot ang mga sasakyang papunta sa iyo.
- Magpalit sa mababang sinag kapag sumusunod sa sasakyan na 300 talampakan o mas mababa sa harap mo.

## B. Pagmamaneho sa Gabi

Ang pagmamaneho sa gabi ay mas mapanganib at mas mahirap kaysa sa pagmamaneho sa araw. Mas mahirap tantiyahin kung gaano kalayo ang ibang mga sasakyan at kung gaano kabilis ang takbo ng mga ito. Makakakita ka lang kung saan aabot ang sinag ng iyong mga ilaw sa harap. Mas maraming panganib sa gabi dahil hindi ka nakakakita nang mabuti. Ginagawa nitong mahirap para sa iyo na makita nang malinaw kung saan ka pupunta at kung ano ang ginagawa ng ibang mga drayber.

Narito ang ilang mungkahi na dapat sundin kapag nagmamaneho sa gabi:

- Tiyaking ginagamit mo ang iyong mga ilaw sa harap at sundin ang mga mungkahi kung kailan gagamit ng mataas na sinag.
- Huwag titigan ang mga ilaw sa harap ng mga sasakyan na papunta sa iyo na nasa kabilang lane. Ito ay magpapahirap sa iyo na makakita. Sa halip, tingnan ang kalsada sa harap mo, o bahagyang sa kanan ng lane na iyong dinadaanan (maaari kang tumingin sa kanang gilid ng iyong lane o sa gilid ng kalsada).
- Palakihin ang distansya sa pagitan mo at ng sasakyan sa harap mo. Makakatulong ito upang maiwasan ang banggaan kung biglang hihinto ang sasakyan sa harap mo.

## C. Pagmamaneho sa Mahamog

May ilang mga natatanging hamon sa pagmamaneho sa mahamog na nangangailangang mas lalo kang mag-ingat. Nasa ibaba ang ilang mga alituntunin at kinakailangan sa pagmamaneho kapag mahamog:

- Bawasan ang iyong normal na bilis ng pagmamaneho.
- Kapag nakita mo ang mga ilaw sa harap o mga ilaw sa likod ng ibang sasakyan sa unahan, bawasan ang iyong bilis. Dapat handa kang huminto kaagad.
- Kung ang hamog ay napakakapal na hindi mo maimaneho nang ligtas ang iyong sasakyan, ganap na umalis sa kalsada patungo sa isang ligtas na lokasyon at buksan ang iyong mga pang-emerhensiyang ilaw.
- Gumamit ng mga ilaw sa harap sa mababang sinag lamang. Gumamit din ng ilaw na panghamog kung mayroon ka nito.

## D. Pagmamaneho sa Masamang Panahon

Ang mga basang kalsada ay maaaring madulas, nakakabawas ng traksyon at nagpapataas ng posibilidad ng banggaan. Ang traksyon ay ang mahigpit na kapit sa pagitan ng iyong mga gulong at ng kalsada na ginagawang posible para sa iyong sasakyan na magsimula, huminto, at magbago ng direksyon. Kapag mayroon kang magandang traksyon, mas makokontrol mo ang iyong sasakyan.

Ang mga panganib ay tumataas kapag ang mga kalsada ay natatakpan ng niyebe at/o yelo. Kapag nagmamaneho ka sa masamang panahon, dapat kang higit na magpokus at maging mas handa.

Kapag nagmamaneho sa masamang panahon, mahalagang mag-isip nang maaga at kumilos upang manatiling ligtas – hindi lamang tumugon sa ginagawa ng ibang mga drayber. Makakatulong ito sa iyo na maiwasan ang banggaan. Ang mga ilang bagay na maaari mong gawin upang manatiling ligtas kapag nagmamaneho sa masamang panahon ay kinabibilangan ng:

- Panatilihin ang ligtas na distansya - ang espasyo na kailangan sa pagitan mo at ng sasakyan sa harap mo ay mas malaki sa basang kalsada kaysa sa mga tuyong kalsada. Kailangan mo ng mas maraming espasyo kapag natatakpan ng niyebe o yelo ang kalsada.
- Bawasan ang iyong bilis upang magkaroon ka ng mas maraming oras upang tumugon.
- Siguraduhin na ang iyong mga gulong ay may magandang tread, batay sa kung ano ang inirerekomenda ng kumpanya na gumawa ng mga gulong at ang mga alituntunin para sa iyong sasakyan.
- Iwasan ang pagtapak nang malakas sa iyong preno dahil maaari itong maging sanhi ng pagkadulas ng iyong sasakyan. Kung walang anti-lock braking system ang iyong sasakyan, bombahin ang preno upang maiwasan ang pagkadulas.
- Iwasang haltakin ang manibela o agad na magbago ng bilis.

- Tiyaking gumagana nang maayos ang iyong mga wiper sa windshield.
- Gamitin ang iyong mga ilaw sa harap.

### Pagmamaneho sa Niyebe at Yelo

Walang bagay na "ganap na ligtas" kapag mabilis ka sa may yelo at niyebe. Sa panahon ng taglamig, maaaring mag-iba ang bawat kalsada depende sa araw, lilim, dami ng asin sa kalsada, at iba pang kondisyon. Magmatyag sa harapan para sa mga bahaging mapanganib. Maaaring napakahirap o imposibleng makita ang manipis na patong ng yelo sa aspalto (blacktop) na mga kalsada. Minsan ito ay tinatawag na itim na yelo. Ito ay dulot ng pagkatunaw ng yelo o niyebe at muling pagyeyelo. Maaari itong magdulot ng banggaan kung hindi mo alam ang panganib.

Ang mga four-wheel drive na sasakyan ay maaari ding dumulas sa yelo at niyebe. Maaari kang magkaroon ng higit na pagkontrol sa four-wheel drive na sasakyan ngunit ang pagmamaneho sa niyebe o yelo ay palaging mapanganib at hindi maiiwasan. Dapat kang maging lalong maingat sa lahat ng oras.

Ang mga mungkahi kapag nagmamaneho sa niyebe o yelo ay:

- Bagalan; hindi ligtas para sa iyo na magmaneho sa yelo o mga kalsadang nababalutan ng niyebe sa normal na bilis.
- Panatilihing malinaw ang iyong mga bintana at ilaw. Alisin ang lahat ng yelo at niyebe sa iyong sasakyan bago magmaneho.
- Magsimula nang napakabagal, pagkatapos ay maingat na subukan ang iyong mga preno upang malaman kung gaano ka kahusay huminto.
- Simulan ang pagbagal nang matagal bago ka makarating sa isang interseksyon o likuan.
- Panatilihing puno ang iyong tangke ng gas at tubig ng windshield washer.
- Gumamit ng mga kadena, gulong na pang-niyebe, o radial na gulong sa mga itinalagang ruta ng snow emergency kapag may idineklara na snow emergency.

### Mga Suplay ng Emergency Kit:

Dapat kang magtago ng emergency kit sa iyong sasakyan na naglalaman ng:

- Mga Pasiklab
- Flashlight at mga baterya
- First aid kit
- Kumot
- Kitty litter o buhangin (para sa traksyon sa niyebe at yelo)
- Maliit na pala at pangkaskas ng yelo

## E. Pagkadulas

Ang traksyon sa pagitan ng iyong mga gulong at ng kalsada ay hindi palaging pareho. Halimbawa, ang buhangin, graba, hindi pantay na ibabaw ng kalsada, mga madulas/natapon na langis, pagbilis ng takbo, o tubig sa kalsada ay nagpapababa ng traksyon. Ang posibilidad ng pagkadulas o dumudulas ay tumataas kapag bumababa ang traksyon.

Kung magsisimulang dumulas ang iyong sasakyan, mahalagang malaman kung ano ang gagawin upang mabawi ang kontrol sa lalong madaling panahon. Kabilang sa mga pangunahing patakaran ang:

- Bitawan ang selinyador (tapakan ng gas) o tapakan ng preno, alinman ang ginagamit mo, upang mabawi ang pagkontrol sa iyong sasakyan.
- Kabigin sa direksyon ng iyong dinudulasan.
- Tingnan kung saan mo gustong pumunta ang iyong sasakyan.
- Tapakan lamang ang iyong preno pagkatapos mong magkaroon muli ng traksyon – kapag ang iyong mga gulong ay nakakapit muli sa kalsada.
- Maaaring makatulong ang dahan-dahang pagpapabilis (pagtapak sa gas) kung mawalan ng traksyon ang iyong mga gulong sa likod.

## F. Hydroplaning

Ang tubig sa kalsada ay maaaring magdulot ng mga problema sa mga drayber. Habang bumibilis ang iyong sasakyan at tumataas ang tubig sa kalsada, tumatakbo ka sa tubig. Kapag nangyari ito, mawawalan ng kapit ang iyong mga gulong sa kalsada. Ito ay tinatawag na "hydroplaning." Ang hydroplaning ay maaaring maging sanhi para mawalan ka ng ilan o lahat ng kontrol sa iyong sasakyan. Upang maiwasan ang hydroplaning, panatilihin ang iyong mga gulong sa mabuting kondisyon, at bagalan ang takbo sa mga basang kalsada. Kung magsimula kang mawalan ng kontrol:

- Alisin ang iyong paa sa gas.
- Huwag gamitin ang iyong preno.
- Panatilihing diretso ang takbo ng iyong sasakyan.
- Bagalan ang takbo hanggang sa mabawi mo ang kontrol.

## G. Tawiran ng Riles sa Highway








Tandaan, ang mga tren ay hindi maaaring huminto kaagad. Kaya, gumamit ng dagdag na pag-iingat kapag papalapit at nagmamaneho sa mga tawiran ng riles.

Kapag papalapit ka sa isang tawiran ng riles:

- Maging mapagmatyag sa iba pang mga sasakyan na maaaring huminto bago tumawid sa riles. Ang mga bus, bus ng paaralan, at trak na nagdadala ng mga mapanganib na materyales ay dapat huminto bago ang bawat tawiran ng riles.
- Tingnan kung may tren anumang oras. Ang mga tren ay maaaring magmula sa alinmang direksyon at maaaring mas malapit ang mga ito at naglalakbay nang mas mabilis kaysa sa tingin mo.
- Pansamantalang sarado ang kalsada kung nakababa ang mga tarangkahan o kumikislap ang mga ilaw ng babala. Huminto at maghintay hanggang sa umakyat ang mga tarangkahan at hihinto sa pagkislap ang mga ilaw ng babala.



- Pagkadaan ng tren, tumingin sa magkabilang direksyon bago magsimulang tumawid sa riles. Palaging tiyaking maluwag ang mga riles bago tumawid. Maaaring may ibang tren na paparating mula sa ibang riles.
- Huwag na huwag magsisimulang tumawid sa riles maliban na lang kung ganap kang makakaalis bago dumating ang tren. Tiyaking may puwang para sa iyong sasakyan sa kabilang panig ng riles bago tumawid.
- Kung ikaw ay nasa isang emerhensiya sa o malapit sa isang tawiran ng riles, lumabas sa sasakyan at lumayo sa riles. Iulat ang mga emerhensiya at problema sa kaligtasan sa mga tawiran ng riles gamit ang impormasyong nakasaad sa asul at puting Emergency Notification System (ENS) sign.




## H. Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho

Ang lugar ng trabaho ay isang tiyak na bahagi ng kalsada o highway kung saan isinasagawa ang konstruksyon, pagpapanatili, o trabaho sa utility, na karaniwang minamarkahan ng mga karatula at kagamitan sa pagkontrol ng trapiko. Maaaring maantala ang daloy ng trapiko sa lugar na ito, at may mga manggagawa, sasakyan, at kagamitan sa paligid. Maaaring pansamantala o pangmatagalan ang mga lugar ng trabaho, at maaaring may pagsasara ng linya, paglilihis ng daan, at iba pang pagbabago sa normal na daloy ng trapiko.

Maaaring nakapirmi ang mga lugar ng trabaho, tulad ng kapag pinapalapad ang isang tulay, o maaaring dahan-dahang gumalaw pababa sa kalsada, tulad ng sa proyekto ng pagpipintura ng linya sa kalsada. Maaaring may mga hindi inaasahang kondisyon sa mga lugar ng trabaho, gaya ng:

- Mga bagong daloy ng trapiko
- Pansamantalang mga aparatong pang-kontrol sa trapiko (mga palatandaan, cone, bariles, signal, o mga marka sa semento)
- Makikitid na lane
- Paglipat ng lane
- Mga pagsara ng lane at gilid
- Pagbaba ng semento/hindi pantay na ibabaw

- Malabong Paningin sa Malayo
- Mga detour
- Kagamitang mabagal ang paggalaw at mga sasakyang pang-konstruksiyon na muling sumasali sa daloy ng trapiko

Kulay kahel ang kulay para sa mga lugar ng trabaho. Kung makakita ka ng kulay kahel na mga palatandaan kapag nagmamaneho, pansining mabuti at maging handa para sa mga hindi inaasahang kondisyon sa pagmamaneho sa unahan.  Kapag nagmamaneho sa lugar ng trabaho,tingnan ang mga pansamantalang aparato sa pagkontrol ng trapiko tulad ng mga palatandaan, cone, bariles, signal, o mga marka sa semento. Tutulungan ka nitong ligtas na makadaan sa isang lugar ng trabaho.


Naisaayos ang mga lugar ng trabaho na iniisip ang iyong kaligtasan. Sundin ang mga patakarang pangkaligtasan habang nagmamaneho sa mga lugar ng trabaho:

- Manatiling alerto – gawing priyoridad ang kaligtasan.
- Ang mga kumikislap na ilaw sa work zone ay nangangahulugang may mga manggagawa sa paligid. Ituon ang atensyon - sumunod sa mga palatandaan sa work zone, magbagal ng takbo, at laging magmasid para sa mga manggagawa.
- Suriin ang iyong bilis – sundin ang mga nakasulat na limitasyon sa bilis at tandaan na maaaring may mga kamera ng bilis. Maaaring mas malaki ang mga multa sa pagpapabilis sa mga lugar ng trabaho at mas mataas pa kung may mga manggagawang naroroon. Ang kumikislap na asul na ilaw ay nangangahulugang aktibo ang mga speed camera.
- Ang kumikislap na berdeng ilaw ay maaari ring matagpuan sa highway maintenance na mga sasakyan o kagamitan sa serbisyo at bago ang mga work zone.
- Asahan ang hindi inaasahan - ang mga kalagayan sa lugar ng trabaho ay patuloy na nagbabago kaya maging handang tumugon, kabilang dito ang tuluyang paghinto kung huminto ang trapiko sa unahan mo.
- Iwasan ang mga nakakagambala – iwasan ang paggamit ng mga cellphone, pagpapalit ng mga istasyon ng radyo, pagkain, at iba pang mga nakakagambala.
- Ang mga kumikislap na asul na ilaw sa lugar ng trabaho ay nangangahulugan na may mga manggagawang naroroon. Bigyang-pansin – sundin ang mga palatandaan ng work zone, bumagal at magmatyag para sa mga manggagawa.
- Igalang ang iba – maingat na mag-merge, huwag dumikit, at huwag magpalit ng lane maliban kung kinakailangan.
- Sundin ang mga direksyon ng tagasenyas.

| Mga Ilaw Sa Lugar Ng Trabaho | | |
|---|---|---|
| (dilaw) | Kumikislap na kulay amber / mga dilaw na ilaw | Aktibong lugar ng trabaho / may mga manggagawa |
| (asul) | Kumikislap na kulay amber / mga dilaw na ilaw | Mga aktibong speed camera |
| (berde) | Kumikislap na berdeng mga ilaw | Highway maintenance na mga sasakyan |

## I. Mga Bilog ng Trapiko (Roundabouts)

Ang mga kalsada na patungo sa mga bilog ng trapiko ay may mga palatandaan na magbigay. Kapag dumating ka sa bilog ng trapiko, dapat palagi kang magbigay sa mga sasakyan na nasa bilog na. Maging maingat kapag papalapit sa bilog ng trapiko gaya sa ibang mga interseksyon. Pagdating mo sa bilog ng trapiko:




- Bawasan ang iyong bilis.
- Manatili sa kanan ng island.
- Magmatyag at ibigay ang tawiran sa mga naglalakad.
- Maingat na lumapit sa linya para magbigay at maghintay na magka-puwang ang trapiko. Magmatyag para sa mga sasakyang papalabas sa bilog ng trapiko. Hindi mo kailangang maghintay para makapasok sa bilog ng trapiko kung walang trapiko rito.

Kung ang bilog ng trapiko ay may higit sa isang lane, manatili sa iyong lane. Kapag naghahanda na lumabas, buksan ang iyong signal ng pagliko sa kanan at lumipat sa labas na lane pagkatapos mong malampasan ang labasan bago ang plano mong daanan.

## J. Pagmamaneho sa Interstate at Limitadong Pagpasok sa Highway


Ang "limitadong access na mga highway" ay malalaking kalsada na walang mga interseksyon o mga ilaw ng trapiko. Mayroon itong limitadong bilang ng mga lugar upang pumasok at lumabas sa kalsada. Ang "interstate" ay isang uri ng limitadong access na highway na tumatawid mula sa isang estado patungo sa isa pa.

### Para sa mga Sasakyang Papasok



Ang interstate at iba pang limitadong access na mga highway ay karaniwang nararating sa pamamagitan ng rampa sa pasukan at acceleration lane. Gagamitin mo ang rampa sa pasukan upang makarating sa highway. Gagamitin mo ang acceleration lane para i-adjust ang iyong bilis sa daloy ng trapikong naroon na sa interstate. Kapag pumapasok sa isang interstate o iba pang limitadong access na highway, hindi ka dapat tumawid sa mga solidong linya na naghahati sa pasukan at sa highway. Kung nagmamaneho ka nang mas mabagal kaysa sa bilis ng trapiko sa highway, dapat kang magmaneho sa tamang lane hangga't maaari.

### Para sa mga Sasakyang Lalabas



Lumipat nang maayos sa kanang lane bago ka makarating sa plano mong daanan palabas. Simulan ang pagbagal sa sandaling pumasok ka sa deceleration lane. Ang deceleration lane ang magdadala sa iyo sa rampa palabas at nagbibigay sa iyo ng oras upang simulan ang pagbagal sa ligtas na bilis. Magpatuloy sa pagbagal sa nakasulat na limitasyon ng bilis sa rampa palabas. Kung lalabas ka sa maling lugar, magpatuloy hanggang sa makalabas ka sa rampa palabas. Pagkatapos ay humanap ng paraan upang muling makapasok sa kalsada. Huwag kailanman huminto at umatras sa anumang bahagi ng highway.

### Paghinto

Hindi ka pinapayagang huminto sa mga lane kung saan gumagalaw ang mga sasakyan sa interstate o iba pang highway. Maaari kang huminto sa gilid, ngunit kapag ang iyong sasakyan ay nasira (huminto sa pagtakbo) o may iba kang emerhensiya lamang. Kung kailangan mong huminto sa gilid, buksan ang iyong mga pang-emerhensiyang ilaw upang balaan ang iba pang mga drayber at manatili sa loob ng iyong sasakyan hangga't maaari. Napakadelikado na tumayo o maglakad sa kahabaan ng interstate o iba pang highway dahil ang mga sasakyan ay mabibilis.


## K. Mga Prusisyon ng Libing

Kapag nagmamaneho ka na may prusisyon ng libing dapat mong buksan ang iyong mga ilaw sa harap at kumikislap na mga ilaw ng panganib upang mabigyan ka ng ibang sasakyan ng karapatan sa daan.

Maaari kang dumaan sa pulang signal ng trapiko kung parte ka ng libing at buksan ang iyong mga ilaw.

Kahit na mayroon itong berdeng signal, ang ibang mga sasakyan ay dapat magbigay ng karapatan sa daan sa mga sasakyan sa prusisyon ng libing. Dapat silang magbigay hanggang sa makaraan ang lahat ng sasakyan sa prusisyon, maliban kung ligtas silang makakapagpatuloy nang hindi tumatawid sa landas ng prusisyon.

## L. Mga Sasakyang Mabagal



Maaari kang makatagpo ng mga sasakyang mabagal ang paggalaw sa kalsada. Kabilang dito ang mga bisikleta, mga kalesa, at mga sasakyang pangbukid. Ang ilan sa kanila ay maaaring may karatulang mabagal na pagtakbo (ipinapakita) sa likod ng kanilang sasakyan upang balaan ka na sila ay tumatakbo lamang ng 25 milya bawat oras o mas mababa.



**Nagyeyelo ang mga rampa at tulay bago ang mga kalsada. Gayundin, ang mga naararong kalsada ay maaaring magka-yelo muli sa gabi o magkaroon ng mga nagyeyelong bahagi mula sa niyebe na natutunaw sa araw.**

Narito ang ilang payo para sa pagmamaneho malapit sa mga sasakyang mabagal:

- Maging alerto para sa anumang mga sasakyan na maaaring tumatakbo nang mas mabagal.
- Baguhin ang bilis at posisyon ng iyong sasakyan kung kinakailangan.
- Lampasan lamang ang sasakyang mabagal kapag ligtas na gawin ito.

Kung kailangan mong sundan ang mas mabagal na sasakyan habang naghihintay ng ligtas na oras para lampasan ito, gamitin ang iyong mga pang-emerhensiyang ilaw upang makatulong na bigyan ng babala ang iba na darating sa likod mo.

# SEKSYON 6: MAPANGANIB NA ASAL SA PAGMAMANEHO

## A. Alak, Droga at Pagmamaneho

Ang pagmamaneho nang lasing o naka-droga ay isang napakaseryosong banta sa kaligtasan ng lahat. Ang alak at droga ay nakakasira sa iyong kakayahang magmaneho. Nangangahulugan ito na ginagawa nitong napakahirap o imposible para sa iyo na magmaneho nang ligtas.

Ang blood alcohol concentration (BAC) ay isang pagsukat sa dami ng alak sa iyong dugo. Itinuturing ng Maryland na ang mga drayber ay nagmamaneho sa ilalim ng impluwensya ng alak kapag ang dami ng alak sa kanilang dugo ay .08 o mas mataas.

Kahit na ang limitasyon ng Maryland para sa pagmamaneho nang lasing ay .08, anumang dami ng alak ay maaaring makaapekto sa iyong kakayahang ligtas na magmaneho ng sasakyan. Ang iyong paghatol at pisikal na koordinasyon ay maaaring humina sa mas mababang BAC at maaaring magresulta sa mga kasong kriminal. Halimbawa, ang iyong paningin, kakayahang magsagawa ng mga simpleng paggalaw, at oras ng pagtugon ay maaaring maapektuhan sa isang pag-inom lamang at maaaring mapataas ang panganib ng banggaan.

Napakahirap malaman ang sarili mong BAC o kung paano naaapektuhan ng alak ang iyong kakayahang magmaneho. Hindi mo basta-basta masasabi sa bilang ng mga nainom mo dahil maraming bagay ang maaaring makaapekto sa kung paano tinutunaw ng iyong katawan ang alak. Kabilang dito ang iyong timbang, taba sa katawan, kung gaano katagal ka nang kumain, at kung gaano karami ang iyong kinain. Kung gaano ka kapagod, ang iyong kalooban, at mga gamot ay maaari ding gumawa ng pagkakaiba sa kung paano nakakaapekto ang alak sa iyong kakayahang magmaneho.

### Wala pang 21 taong gulang – Hindi Pinahihintulutan ang Alak

Kung hindi ka pa 21 taong gulang, labag sa batas na uminom ka ng anumang alak. Kung pinahinto ka ng tagapagpatupad ng batas at nakainom ka, masususpinde o babawiin ang iyong lisensya. Kung mangyayari iyon, hindi ka papayagang magmaneho. Bilang karagdagan, maaari kang kasuhan ng paglabag sa paghihigpit sa alak sa iyong lisensya.

### Basyo ng Alak

Labag sa batas ang pagmamaneho na may bukas na basyo ng alak sa lugar ng pasahero ng sasakyan. Ang basyo ay anumang bukas na lata, bote, iba pang uri ng lagayan, o pakete. Ang six-pack ng alak na may bukas, walang laman, o nawawalang mga bote/lata ay maaaring ituring na bukas na basyo.


Ang lugar ng pasahero ng sasakyan ay kinabibilangan ng:

- Ang upuan ng drayber at pasahero.
- Kahit saang lugar na madaling maabot ng drayber o ng mga pasahero mula sa kanilang kinauupuan.

### Controlled Dangerous Substances (CDS) – Mga Ilegal at Inireresetang Gamot

Ang mga ilegal na gamot, ilang inireresetang gamot, at mga kemikal na nilalanghap ay maaaring makaapekto nang husto sa iyong kakayahang magmaneho nang ligtas. Maaari silang makaapekto sa iyong pagkaalerto, konsentrasyon, koordinasyon, at oras ng pagtugon. Ang lahat ng gamot ay maaaring pahirapan kang tantiyahin ang mga distansya at tumugon sa mga signal at tunog sa kalsada. Ang iyong lisensya ay maaaring masuspinde o bawiin para sa pagmamaneho habang nasa ilalim ng mapanganib na mga sangkap.

Mahalagang bigyang-pansin ang mga babala sa etiketa ng inireresta at di-inireresta na gamot. Tingnan ang mga babala na nagsasabi sa iyo na huwag magmaneho o gumamit ng mabibigat na makinarya kapag iniinom ang gamot. Kung magmamaneho ka pagkatapos uminom ng gamot na nagsasabi sa iyo na huwag gawin ito at nakakapinsala ito sa iyong kakayahang magmaneho nang ligtas, maaari kang kasuhan ng isang kriminal na pagkakasala.



**Kung plano mong uminom, planuhin mong huwag magmaneho.**

### Pagmamaneho kasama ang mga Bata

Kung ikaw ay nahatulan na lasing o nakadroga na nagmamaneho na may kasamang bata sa iyong sasakyan, maaaring doblehin ng hukom ang iyong multa at panahon ng pagkakulong.

## B. Agresibong Pagmamaneho at Galit sa Daan

Ang mga halimbawa ng agresibong pagmamaneho ay kinabibilangan ng: mabilis na pagmamaneho, pagdikit, pagwawalang-bahala sa mga signal at aparato ng trapiko, paggawa ng hindi ligtas na mga paglipat ng lane, hindi nagbibigay ng karapatan sa daan, at hindi ligtas o ilegal na paglalampas. Ang masikip na kalsada, hindi inaasahang pagkaantala, pagmamadali, konstruksyon sa kalsada, at pagkapagod ay maaaring maging sanhi ng pagiging agresibo ng mga taong nagmamaneho.

Dapat kang gumalang at makipagtulungan sa lahat ng ibang tao na gumagamit ng kalsada. Dapat mong sundin ang lahat ng mga patakaran upang mapanatiling ligtas ang lahat at maiwasan ang mga banggaan. Ang ilang mga payo upang mabawasan ang posibilidad na masangkot sa agresibong insidente sa pagmamaneho ay:

- Maglaan ng karagdagang oras sa paglalakbay.
- Maging matiyaga.
- Maging magalang.
- Pagtuonan ang iyong asal sa pagmamaneho.
- Palaging ipahiwatig ang iyong mga intensyon. (Ipaalam sa ibang mga drayber kung ano ang plano mong gawin sa pamamagitan ng paggamit ng mga signal sa pagliko, atbp.)
- Sundin ang lahat ng batas trapiko, palatandaan, mga signal, at mga marka sa semento.
- Magbigay ng karapatan sa daan.
- Iwasang makipag-kompitensya sa ibang mga drayber.

## C. Naaabalang Pagmamaneho

Ang konsentrasyon ay napakahalaga at kinakailangan para sa ligtas na pagmamaneho. Dapat lagi kang alerto sa kalsada at sa iba pang mga sasakyan sa paligid mo. Panatilihin ang pagiging alerto upang maiwasan ang banggaan. Palaging tingnan ang ibang mga sasakyan sa harap, likod, at sa tabi mo.

Ang "naaabalang pagmamaneho" ay kapag inilalayo mo ang iyong mga mata, kamay o lalo na ang iyong isip, mula sa pagmamaneho. Ang naaabalang pagmamaneho ay nagdudulot ng mas maraming banggaan na iniuulat sa pulisya kaysa anupaman. Anumang pagkagambala ay maaaring maging sanhi upang hindi mo makita at marinig ang mga bagay na makakatulong sa iyong maiwasan ang isang banggaan.

Maraming aktibidad ang maaaring makaabala sa pagmamaneho. Ang ilang mga halimbawa ay kinabibilangan ng:

- Kumakain at umiinom.
- Pagsasaayos ng radyo o iba pang pinagmumulan ng musika.
- Pagsasaayos o pagprograma ng GPS.
- Pag-asikaso sa mga bata at alagang hayop.
- Mga maluwag na bagay na gumagalaw sa sasakyan.
- Nakikipag-usap at nagte-text sa cellphone.
- Paninigarilyo.
- Naglalagay ng makeup.
- Nag-aahit.
- Nagbabasa.
- Nakikipag-usap sa mga pasahero.



**Ang magandang pangkalahatang tuntunin ay tratuhin ang ibang mga drayber at mga gumagamit ng kalsada sa nais mong pagtrato sa iyo.**

## Mga Cellphone

Bawal gumamit ng cellphone na hawak ng kamay, kasama ang pagte-text, habang nagmamaneho. Nangangahulugan ito na huwag mong gamitin ang iyong telepono habang hawak ito. Maaari mong gamitin ang iyong telepono para sa mga tawag habang nagmamaneho kung hindi mo ito hawak (hands-free). Kung gagawin mo ito, dapat mong gamitin ito ng saglit hangga't maaari at gawin ang sumusunod upang manatiling ligtas:

- Gamitin lamang ang iyong cellphone sa mga emerhensiya; kung maaari, makiusap sa pasahero na siya ang tumawag.
- Kung kailangan mong tumawag, ligtas na itabi ang sasakyan, at huminto bago tumawag.
- Hayaang sagutin ng iyong voicemail ang mga papasok na tawag.
- Panatilihing saglit lang ang pakikipag-usap sa telepono.

Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang, hindi ka maaaring gumamit ng cellphone habang nagmamaneho, kahit di-hawak. Maliban kung gagamitin ito upang tumawag sa 911 emergency.

## D. Pagmamaneho habang Inaantok

Ang hindi sapat na tulog ay maaari ding maging sanhi ng hindi ligtas na pagmamaneho. Ang pagkaantok ay nagpapabagal sa oras ng pagtugon, nagpapababa ng kamalayan, at nakakapinsala sa pagtantiya, tulad din ng mga droga o alak. Ito ay maaaring makapagpataas ng posibilidad na masangkot ka sa isang banggaan.

Ang ilang mga drayber ay may mas mataas na panganib na makaramdam ng antok (inaantok). Kabilang sa mga halimbawa ang mga taong nagmamaneho ng maraming milya bawat araw, mga taong may mga karamdaman sa pagtulog, at mga taong umiinom ng ilang partikular na gamot.

Mahalagang magkaroon ng kamalayan sa mga senyales na ikaw ay inaantok at gumawa ng paraan upang hindi ka magdulot ng banggaan.. Nasa ibaba ang listahan ng mga karaniwang "senyales ng panganib" at isang magandang tuntunin para harapin ang pagmamaneho habang inaantok.

## Mga Palatandaan ng Panganib para sa mga Inaantok na Drayber

Ang sumusunod ay maaaring mangahulugan na ikaw ay inaantok at dapat kang gumawa ng paraan upang manatiling ligtas:

- Ang iyong mga mata ay pumipikit o nawawalan ng pokus.
- Nahihirapan kang iangat ang iyong ulo.
- Palagi kang humihikab.
- Mayroon kang mga gumagala, putol-putol na mga pag-iisip.
- Hindi mo naaalala ang pagmamaneho sa huling ilang milya.
- Nakaligtaan mo ang iyong lalabasan.
- Nawawala ka sa lane mo.
- Nagbabago ang iyong bilis.



**Kung ikaw ay pagod o inaantok habang nagmamaneho, pinakamahusay na magpahinga o magpalit ng drayber. Ang pagiging pagod ay nagpapabagal sa iyong isipan at nagpapabagal sa iyong mga pagtugon, na ginagawang lubhang mapanganib ang pagmamaneho.**



## Maging nakapokus na drayber

Maging drayber na nagliligtas ng buhay

Isang-katlo ng mga nakamamatay na banggaan ay dulot ng naaabalang pagmamaneho. Ang paggamit ng cellphone ay isa sa mga pangunahing sanhi ng naaabalang pagmamaneho. Gayunpaman, ang iba pang nakamamatay na mga abala na umaagaw ng iyong pansin sa pagmamaneho ay ang pagkain, paglalagay ng makeup, pag-asikaso sa mga bata, at pagpapalit ng mga istasyon ng radyo. Maging NAKAPOKUS na Drayber na umiiwas sa mga abala at nananatili sa gawain ng kamay - pagmamaneho.



## Maging drayber ng gumagawa ng plano

Maging drayber na nagliligtas ng buhay

Bawat taon, sampung libong tao ang inaaresto sa mga kalsada ng Maryland dahil sa pagmamaneho nang lasing o nakadroga. Ang alak at droga ay nakakaapekto sa iyong kakayahang magmaneho gaya ng karaniwan mong ginagawa, o sa maraming kaso, ang iyong kakayahang magmaneho.
Bago ka lumabas, maging Drayber na GUMAGAWA NG PLANO at gumawa ng plano para makauwi nang ligtas, at magtalaga ng matino na drayber. Ang pagkaka-aresto dahil sa huminang kakayahang magmaneho ay may malubhang kahihinatnan kabilang ang malalaking multa, posibleng pagkakakulong, at libu-libong dolyar na mga gastos sa korte. Pinakamasama sa lahat, ang pagmamaneho nang may huminang kakayahang magmaneho ay kadalasang nagreresulta sa malubhang pinsala o kamatayan, na parehong maiiwasan sa pamamagitan ng paggawa ng mabubuting desisyon.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang:
**ZeroDeathsMD.gov**

# SEKSYON 7: PAGBABAHAGI NG KALSADA

## A. Karapatan sa Daan ng Naglalakad

Ang mga naglalakad ay may karapatan sa daan sa mga tawiran sa kalye ngunit dapat sumunod sa mga signal ng pagkontrol sa trapiko. Kapag walang signal ng trapiko, dapat kang huminto para sa mga naglalakad sa may marka o walang markang tawiran.

Ang mga drayber ay dapat maging alerto lalo na para sa mga naglalakad na bingi, bulag o may kapansanan sa paggalaw. Maaaring nahihirapan silang makakita o makarinig ng trapiko at maaaring mangailangan ng karagdagang oras upang tumawid sa kalsada.

### Pagtawid sa mga Tawiran



Ang tawiran ay kung saan maaaring tumawid ang mga naglalakad sa kalsada at ang mga drayber ay dapat huminto upang hayaan silang tumawid. Ang ilang mga tawiran ay namarkahan, ngunit ang iba ay hindi. Karamihan sa mga interseksyon ay may tawiran kahit hindi ito namarkahan.

Ang ilang mga pangunahing patakaran:

- Kapag may signal ng trapiko, dapat sundin ito ng mga drayber at naglalakad.
- Hindi mo maaaring lampasan ang anumang sasakyan na nakahinto sa tawiran.
- Dapat kang magbigay sa mga naglalakad kapag lumiliko sa berdeng signal.
- Dapat kang magbigay sa mga naglalakad kapag pinapayagan ang pagliko sa pulang signal pagkatapos huminto.



**Tandaan, kung hindi mo makita ang mga salamin ng trak, hindi ka makikita ng drayber ng trak!**

## B. Mga Sasakyang Pang-emerhensiya

Ang mga sasakyang pang-emerhensiya, gaya ng mga sasakyan ng pulis, ambulansya, at mga sasakyan ng bumbero, ay may karapatan sa daan kapag ginagamit ang kanilang mga sirena at kumikislap na ilaw. Pagkatapos mong makita o marinig ang isang sasakyang pang-emerhensiya at na paparating na gumagamit ng mga signal nito, dapat kaagad kang:

- Tumabi hangga't maaari sa gilid ng kalsada.
- Huwag manatili sa mga interseksyon, at
- Manatiling nakahinto hanggang sa makadaan ang sasakyang pang-emerhensiya.

Kung pupunta ka sa parehong direksyon ng sasakyang pang-emerhensiya ginagamit ang mga signal nito, huwag mo itong lalampasan maliban kung ito ay hihinto o sasabihin sa iyo ng pulis na lampasan ito.

Kung papalapit ka sa isang pang-emerhensiyang sasakyan, tow truck, o iba pang sasakyang pang-serbisyo na huminto sa kalsada, dapat kang lumipat sa lane na hindi kaagad katabi (sa tabi mismo) ng huminto na sasakyan. Kung hindi posible na lumipat, dapat kang bumagal sa ligtas na bilis at maghanda na huminto kung kinakailangan.

## C. Malalaking Trak at Bus




Magmatyag para sa mga lumiliko na trak. Ang mga trak ay lumiliko ng malalawak sa mga interseksyon at nangangailangan ng mas maraming espasyo kaysa sa mga kotse. Kapag liliko pakanan, ang mga malalaking trak ay kadalasang kumikilos pakaliwa bago lumiko. Maaari mong isipin na lumilipat sila ng mga lane at subukang lampasan sila sa kanilang kanan. Ang paglalampas sa anumang trak sa kanan ay mapanganib. Maghintay upang makita kung ang trak ay nagpaplanong lumiko

bago ito lampasan. Kung huminto ang trak o papalapit sa isang interseksyon, huwag na huwag nang subukang dumaan sa kanilang kanang gilid habang nagsisimula ang drayber ng trak sa kanilang pagliko. Maaari kang maipit sa pagitan ng lumiliko na trak at ng bangketa.


Kapag nilalampasan mo ang isang trak na papunta sa parehong direksyon, dumaan nang mabilis upang patuloy mong makita kung ano ang nangyayari sa iyong paligid. Pagkatapos, bumalik sa lane kasama ang trak kapag nakikita mo ang magkabilang mga ilaw sa harap nito sa iyong likurang salamin.

Maraming interseksyon ang minarkahan ng mga linya sa paghinto. Kung huminto ka nang lampas sa linya ng paghinto, ang iyong sasakyan ay maaaring makaharang sa mga trak na lumiliko mula sa isang kalyeng tinatawiran. Huwag kailanman sumingit sa harap ng isang trak. Ang mga trak na punong-puno ay maaaring tumimbang ng higit sa 80,000 libra at nangangailangan ng kasing haba ng football field para huminto. Karamihan sa mga sasakyan ay tumitimbang lamang ng 2,000 libra.

### Mga No-Zone

Mayroong apat na malalaking "di-nakikitang bahagi" sa paligid ng mga trak kung saan ang ibang mga sasakyan ay "nawawala" sa paningin. Ibig sabihin hindi ka nakikita ng drayber ng trak. Ang mga di-nakikitang bahagi na ito ay tinatawag na mga "no-zone."

- **Panig ng mga No-Zone:** Ang mga trak at bus ay may mga di-nakikitang bahagi sa magkabilang panig. Kung hindi mo makita ang mukha ng drayber sa kanilang tagilirang salamin, hindi ka nila nakikita. Kung ang trak ay lumilipat ng mga lane, maaari kang magkaroon ng problema kung ikaw ay nasa di-nakikitang bahagi nito. Ang kanang panig ng di-nakikitang bahagi ay nasa kahabaan ng trailer ng trak at umaabot sa tatlong lane.
- **Mga No-Zone sa Likuran:** Iwasan ang pagdikit (pagmamaneho ng masyadong malapit sa likod ng sasakyan na nasa harap mo). Hindi gaya ng mga kotse, ang mga trak at bus ay may napakalaking di-nakikitang lugar sa likuran nila. Hindi makikita ng drayber ng trak o bus ang iyong sasakyan doon. Kung ang trak o bus ay biglang bumagal o huminto, wala kang mapupuntahan.
- **Mga No-Zone sa Harapan:** Huwag lumipat sa harap ng isang trak o bus nang masyadong maaga pagkatapos na malampasan ito. Ang mga drayber ng trak at bus ay nangangailangan ng halos dalawang beses na mas maraming oras at espasyo upang huminto kaysa sa mga sasakyan. Tingnan ang parehong mga ilaw sa harap ng bus o trak sa iyong likurang salamin bago ka huminto sa harapan, at pagkatapos ay huwag bumagal.




- **Pag-atras sa mga No-Zone:** Huwag kailanman tumawid sa likod ng isang trak na umaatras. Daan-daang tao ang namamatay o nasusugatan bawat taon dahil sa hindi pagpansin sa mga trak na umaatras. Ang mga drayber ng trak ay walang likurang salamin at maaaring hindi ka makitang pumapasok sa likuran nila.

## D. Mga Bus ng Paaralan

### Dapat huminto ang mga drayber para sa mga bus ng paaralan.

Kung huminto ang bus ng paaralan sa kalsada na nakabukas ang mga kumikislap na pulang ilaw, habang papalapit ka dito kailangan mong:

- Huminto ng hindi bababa sa 20 talampakan mula sa likod ng bus ng paaralan, kung ikaw ay nasa likod nito.
- Huminto ng hindi bababa sa 20 talampakan mula sa harapan ng bus ng paaralan, kung nasa harap ka nito.

Huwag kang magsimulang muling magpatakbo hanggang sa magsimulang umandar ang bus ng paaralan o patayin ang mga kumikislap na pulang ilaw nito.

Kung ikaw ay nasa maraming lane na kalsada na hinahati ng bakod, huwag huminto kung ang bus ay nasa kabilang panig ng bakod.

## E. Mga Motorsiklo

Ang mga nagmomotorsiklo ay may parehong mga karapatan at pribilehiyo gaya ng ibang drayber sa kalsada. Ngunit ang nakamotorsiklo ay anim na beses na mas malamang na masaktan sa banggaan kaysa sa drayber ng sasakyan. Ang mga motorsiklo ay mas maliit kaysa sa mga kotse at trak, kaya maaaring mas mahirap tantiyahin ang kanilang bilis at distansya.

- **Magbigay ng karapatan sa daan sa paparating na motorsiklo kapag lumiliko pakaliwa.** Kung hindi ka magbibigay ng karapatan sa nakamotorsiklo, maaari kang bigyan ng tiket na may malalaking parusa at maaari kang magdulot ng malubhang pinsala. Ang mga drayber ay may kasalanan sa higit sa kalahati ng mga banggaan ng sasakyan sa mga motorsiklo.
- **Tumingin nang dalawang beses bago magpalit ng lane o sumama sa mga sasakyan.** Gamitin ang iyong mga salamin at lumingon upang matiyak na ligtas bago sumama o magpalit ng lane. Ang mga motorsiklo ay maaaring nakatago sa iyong di-nakikitang bahagi o makaligtaan sa mabilis na pagtingin dahil mas maliit ang mga ito.
- **Huwag makibahagi ng lane kasama ang motorsiklo.** Ang mga nagmomotorsiklo ay madalas na lumilipat sa lane na dinaraanan upang iwasan ang mga panganib sa kalsada gaya ng mga lubak o natapon na langis, dahil sa hangin, at upang makita ng iba. Ang mga nakamotorsiklo ay pinapayagang gumamit ng buong lane.
- **Huwag "dumikit" (magmaneho nang masyadong malapit) sa isang motorsiklo.** Mag-iwan ng hindi bababa sa 3 hanggang 4 na segundong pagsunod na distansya sa pagitan ng iyong sasakyan at ng motorsiklo sa harap mo. Maaaring kailanganin ng mga motorsiklo na bumagal para sa mga panganib sa kalsada gaya ng graba, basang mga kalsada, o mga tawiran ng riles na hindi nakakaapekto sa mga sasakyan sa parehong paraan. Kadalasang bumabagal ang mga nagmomotorsiklo sa mga daanan kung saan hindi bumubukas ang mga ilaw ng kanilang preno. Kaya, maging alerto at mag-iwan ng maraming espasyo sa paligid ng mga motorsiklo.
- **Mag-iwan ng maraming espasyo sa pagitan ng iyong sasakyan at ng motorsiklo kapag nilalampasan ito.** Ang bugso ng hangin at mga presyon mula sa isang lumalampas na sasakyan ay maaaring makaapekto sa isang motorsiklo. Pagkatapos malampasan ang motorista, tiyaking nakikita mo ang ilaw sa harap ng motorsiklo sa iyong likurang salamin bago bumalik sa lane. Kung nilalampasan ka ng nakamotorsiklo, panatilihin lang ang iyong bilis at hayaan silang kumpletuhin ang kanilang paglampas sa iyo.
- **Mag-ingat sa pagmamaneho malapit sa grupo ng mga nagmomotorsiklo.** Lumalahok ang mga nagmomotorsiklo sa mga organisadong pagsakay na maaaring magsama ng maraming motorsiklo. Kailangan mo ng mahusay na komunikasyon at pasensya upang magmaneho sa paligid ng mga grupong ito. Kung kailangan mong lumipat ng lane o makarating sa labasan, gamitin nang maaga ang iyong signal ng pagliko at hintayin ang grupo ng mga motorista na magbigay ng puwang para sa iyo. Sumama lamang sa mga grupo o motorista kapag may sapat na espasyo para gawin ito nang ligtas. Kung ito ay isang maliit na grupo, maaaring mas madaling bumagal at hayaang dumaan ang grupo bago magpalit ng lane.

Mangyaring suriin ang Manwal para sa pagpapatakbo ng motorsiklo kung gusto mo ng lisensya ng motorsiklo. Makikita mo ito sa website ng MVA.

## F. Mga Bisikleta

Ang mga bisikleta ay mga sasakyan, ayon sa batas ng Maryland. Ang mga nagbibisikleta ay pinapayagang gumamit ng kalsada at dapat sumunod sa lahat ng signal ng trapiko. Ngunit ang mga nagbibisikleta ay mas mahirap makita, mas tahimik, at walang bakod na proteksiyon sa kanilang paligid gaya ng sasakyang de-motor. Dapat kang magmaneho nang maingat malapit sa mga nagbibisikleta – kahit na ang maliit na pagkakamali ay maaaring magresulta sa malubhang pinsala o kamatayan.

## Asahang may mga Nagbibisikleta sa Kalsada

Asahang may makikita kang mga nagbibisikleta:

- Sa lahat ng uri ng kalsada (maliban sa mga interstate highway, at mga tulay at lagusan na may mga bayad).
- Sa mga interseksyon at bilog ng trapiko.
- Sa lahat ng uri ng panahon.
- Sa lahat ng oras ng araw at gabi.

Maaaring lumabas ang mga nagbibisikleta sa lane na dinaraanan (kung saan naroon ang mga sasakyang de-motor) para sa kanilang sariling kaligtasan. Maaari nilang gawin ito dahil makitid ang kalsada, o upang maiwasan ang mga hadlang o mga panganib sa semento. Sa mga kalsadang walang mga gilid, o kapag nakaparada ang mga sasakyan sa kanang gilid, kadalasang pinakaligtas na magpatakbo ang isang nagbibisikleta sa gitna ng lane na dinaraanan. Sa Maryland, maaaring gamitin ng nagbibisikleta ang buong lane kahit na naglalakbay nang mas mabagal kaysa sa mga sasakyan (kung ang lane ay masyadong makitid para ligtas na lampasan ng sasakyang de-motor ang bisikleta habang ito ay nasa lane).

Bago buksan ang pinto ng sasakyan, tingnan kung may mga nagbibisikleta na maaaring papalapit mula sa likuran.

## Karapatan sa Daan

Ang mga nagbibisikleta ay may karapatan sa daan kapag lumiliko ang isang sasakyan, kaya dapat kang magbigay daan sa mga nagbibisikleta.

Kapag pumasok ka o tumawid sa lane ng bisikleta o gilid, dapat kang magbigay ng karapatan sa daan sa mga nagbibisikleta na naglalakbay dito.

Ang mga bisikleta ay may parehong karapatan sa daan gaya ng mga pedestrian sa isang tawiran. Ang pagkabigong magbigay ng right of way sa isang bisikleta na nagreresulta sa isang crash ay may mga multa at o oras ng pagkakulong at mga puntos sa iyong rekord sa pagmamaneho.

## Mga Siklista sa Bangketa

Ang mga bisikleta ay pinapayagang dumaan sa mga bangketa sa buong estado. Para sa mga nagbibisikleta – kapag nagbibisikleta sa bangketa, tandaan na bigyang-daan ang mga naglalakad at ang mga gumagamit ng mga pantulong na aparatong panggalaw. Maaaring ipagbawal ng mga lokal na pamahalaan ang paggamit ng bisikleta sa mga bangketa; mangyaring sumangguni sa lokal na kodigo.

## Pagsunod sa Nagbibisikleta

Habang papalapit ka sa nagbibisikleta, bagalan ang takbo. Huwag bumusina. Karaniwang nakakarinig ang mga nagbibisikleta ng paparating na sasakyan at ang malalakas na ingay ay maaaring gumulat sa kanila, na nagiging sanhi ng banggaan.

Ang mga bisikleta ay walang mga signal ng pagliko kaya ang mga nagbibisikleta ay gumagamit ng mga signal ng kamay at braso upang sabihin sa iyo kung ano ang plano nilang gawin.

Huwag sundan ang bisikleta nang masyadong malapit. Tandaan na ang maliliit na butas, glass, at iba pang mga panganib ay maaaring maging lubhang mapanganib sa mga nagbibisikleta. Ang mga bisikleta ay maaaring huminto at gumalaw nang mabilis upang ang nagbibisikleta ay makalihis o magbago ng bilis upang maiwasan ang panganib sa kalsada na hindi nakikita ng nagmamaneho ng sasakyan.

## Lumampas nang may Pag-iingat - Bigyan ang mga Bisikleta ng hindi bababa sa 3 Talampakan

Lampasan ang nagbibisikleta gaya ng gagawin mo sa anumang sasakyang mabagal. Maging handa na bumagal at maghintay hanggang sa maging maluwag ang daanan. Pagkatapos ay mag-iwan ng hindi bababa sa 3 talampakan sa pagitan ng iyong sasakyan at ng bisikleta kapag nilalampasan ito. Mag-iwan ng ganito karaming espasyo kapag nilalampasan ang bisikleta sa lane nila, sa gilid, o sa parehong lane ng iyong sasakyan. Tiyaking nakikita mo ang bisikleta sa iyong likurang salamin bago bumalik sa iyong lane.

### Mag-ingat sa mga Interseksyon, Tulay at Kalye

Palaging asahan na ang mga nagbibisikleta ay dumidiretso sa interseksyon maliban kung sila ay kukumpas na sila ay liliko. Pagbigyan ang mga bisikleta tulad ng gagawin mo sa anumang iba pang sasakyan. Kadalasang naglalakbay ang mga nagbibisikleta sa mga bangketa at mga trail, kaya tumingin sa magkabilang direksyon bago tumawid sa bangketa o trail.

Tandaan na ang isang bisikleta ay maaaring magmula sa hindi inaasahang direksyon. At ang mga bihasang nagbibisikleta ay madalas na naglalakbay ng napakabilis (kasing bilis ng 35 mph!) at maaaring mas malapit pa kaysa sa inaakala mo.

- Huwag kailanman lumiko kaagad pakanan mula sa isang through lane pagkatapos na lampasan ang bisikleta sa gilid o lane ng bisikleta. Ang through lane ay lane na patuloy na tuwid.
- Subukang tiyaking walang mga bisikleta sa iyong kanan o sa iyong kanang di-nakikitang bahagi kapag ikaw ay kumanan.
- Bago magsimula ng pagliko sa kanan, lumipat sa kanan hangga't maaari sa loob ng lane ng bisikleta, gilid, o lane ng kanang pagliko.
- Kapag lumiliko, pagbigyan ang mga nagbibisikleta gaya ng ginagawa mo sa anumang iba pang sasakyan na dumidiretso. Huwag agad kumaliwa sa harap ng bisikleta.
- Tingnan nang mabuti kung may mga bisikleta bago ka lumipat sa kanan upang lampasan ang sasakyan na kumakaliwa.
- Kapag ang kalsada ay kumikitid para sa isang tulay, mga nakaparadang sasakyan, o iba pang mga sagabal sa kanan, maging handa para sa nagbibisikleta na naglalakbay sa gilid upang sumama pakaliwa sa lane na dinaraanan.

### Pagmamaneho sa Gabi

Kung makakita ka ng may reflective na bagay sa gabi, huwag ipagpalagay na ito ay nasa labas ng kalsada. Maaaring ito ay isang bisikleta sa lane na dinaraanan. Kung minsan ay umiiwas ang mga nagbibisikleta sa gilid ng daan sa gabi kapag walang sasakyan dahil mahirap makita ang mga sanga ng puno, lubak, basura, at maging ang gilid ng semento. Maaaring balaan ng iyong mga ilaw sa harap ang nagbibisikleta na ligtas na lumipat sa gilid para makadaan ka, ngunit mas tumatagal ito sa gabi. Kapag papalapit sa bisikleta, gamitin ang iyong mga ilaw sa harap sa mababang sinag.

### Magmatyag para sa mga Bata

Minsan ay hindi mahuhulaan ang mga batang nagbibisikleta kaya lalong maws maging depensibo o defensive sa pagmamaneho. Tandaan na sila ay maliit at maaaring mahirap makita. Ang mga batang nagbibisikleta ay malamang na magpalit ng direksyon nang walang babala. Mag-ingat sa mga nagbibisikleta na pumapasok sa kalsada mula sa mga driveway o malapit sa mga nakaparadang sasakyan. Sundin ang mga limitasyon ng bilis sa mga lugar ng paaralan at kabahayan para magkaroon ka ng oras upang makita, at ligtas na magmaneho sa paligid ng mga batang nagbibisikleta.

## G. Mga Moped at Scooter

Ang mga nagmamaneho ng mga moped at motor na scooter ay dapat sumunod sa lahat ng batas trapiko. Ang mga nagmamaneho ng mga sasakyan at trak ay dapat palaging magmatyag para sa mga moped at scooter sapagkat mahirap makita ang mga ito dahil sa sukat nito.

Ang mga moped at scooter ay maaaring maglakbay sa anumang kalsada na may nakasulat na maximum na limitasyon ng bilis na 50 milya bawat oras o mas mababa. Maaari silang maglakbay:

- Na magkatabi o mag-isa.
- Sa kalsada o sa gilid.

Ang mga moped at scooter ay dapat maglakbay nang malapit sa kanang gilid ng kalsada hanggang sa ligtas nilang makakaya.

Maging lalong maingat sa paligid ng mga moped at scooter sa mga interseksyon kapag sila ay liliko o didiretso. Mag-ingat din sa makitid na kalsada na may maliit na espasyo para lumampas.

## H. Pag-unawa sa Teknolohiya ng Sasakyan

Ang mga teknolohiya ng sasakyan na "Advanced Driver Assistance Systems" (ADAS) ay mga tampok na ginagawang mas ligtas ang pagmamaneho. Nakakatulong ang mga teknolohiya ng ADAS na magligtas ng mga buhay at maiwasan ang mga pinsala. Kapag ginamit nang maayos, pinipigilan nito ng 40% ng mga banggaan.

Ang teknolohiya ng ADAS ay idinisenyo upang tulungan ka sa mga gawaing pagmamaneho gaya ng:

- Pananatili sa iyong lane.
- Pagbawas ng mga di-nakikitang bahagi.
- Panatilihin ang ligtas na distansya mula sa iba pang mga sasakyan.
- Pag-iwas sa mga banggaan.
- Pagpaparada.

Maraming sasakyan ang gumagamit ng mga sensor at camera para matukoy ang mga posibleng panganib. Ang mga halimbawa ng ganitong uri ng teknolohiya ay ang Awtomatikong Pagpepreno sa Emerhensiya, Tulong sa Pananatili sa Lane, at Babala sa Di-nakikitang Bahagi.

Huwag umasa sa ADAS upang ganap na mapatakbo ang iyong sasakyan. Ikaw ang responsable para sa ligtas na pagpapatakbo ng iyong sasakyan sa lahat ng oras! Responsibilidad mong maging alerto sa lahat ng bagay sa paligid mo sa pamamagitan ng pagsuri sa trapiko gamit ang mga salamin at camera ng iyong sasakyan.



**Maging pamilyar sa mga teknolohiya sa anumang sasakyang iyong minamaneho at gamitin ang mga ito nang ligtas at epektibo.**

Dapat mong malaman na:

- Ang teknolohiya ay may mga limitasyon at maaaring hindi gumana nang maayos sa ulan, niyebe, hamog, sa mga burol, at sa paligid ng mga kurba.
- Magkakaiba ang tugon ng teknolohiya depende sa uri ng sasakyan – maging ang mga icon ng dashboard ay maaaring magkakaiba.
- May maraming iba't-ibang pangalan para sa teknolohiya, at ang mga pangalan ay hindi palaging naglalarawan kung ano ang ginagawa ng teknolohiya.

Palaging:

- Panatilihing malinis at walang pinsala ang mga sensor ng iyong sasakyan.
- Panatilihing napapanahon ang teknolohiya ng software at sundin ang mga rekomendasyon ng gumawa.
- Maging pamilyar sa mga teknolohiya sa anumang sasakyang iyong minamaneho at gamitin ang mga ito nang ligtas at epektibo. Pag-aralan kung paano sa pamamagitan ng pagrepaso sa manwal ng sasakyan mo o pagtatanong sa nagbenta sa iyo ng sasakyan.

Higit sa lahat, laging manatiling nakapokus kapag nagmamaneho at manatiling kontrolado mo ang iyong sasakyan.

# SEKSYON 8: MGA BANGGAAN AT PAGHINTO NG TRAPIKO

## A. Mga Banggaan

Kung ikaw ay nasa banggaan, ilagay ang iyong mga pang-emerhensiyang ilaw o pasiklab upang bigyan ng babala ang iba pang mga drayber.

### Kung nasangkot ka sa banggaan kung saan may nasugatan, kabilang ang isang naglalakad o nagbibisikleta, dapat kang manatili sa pinangyarihan at:


- Tumawag kaagad sa 911 para humingi ng tulong sa pulis, bombero, at ambulansya.
- Iulat ang bilang ng mga taong kasangkot, ang uri ng pagkakasugat, at ang lokasyon ng banggaan.
- Huwag ilipat ang mga sasakyan.

### Kung ikaw ay napatunayang nagkasala sa pag-alis sa pinangyarihan ng banggaan na nagresulta sa malubhang pagkakasugat, mahaharap ka sa matinding parusa:

- Ang iyong lisensya ay babawiin (hindi ka na papayagang magmaneho).
- Maaari kang makulong ng hanggang 5 taon at magmulta ng hanggang $5,000.
- Ang pag-alis sa pinangyarihan ng banggaan kung saan may namatay ay isang krimen. Maaari kang makulong ng hanggang 10 taon at magmulta ng hanggang $10,000.

### Kung walang mga pinsala, ngunit hindi makagalaw ang iyong sasakyan:

- Tumawag kaagad sa 911, ibigay ang lokasyon ng banggaan, at iulat na walang mga nasugatan ngunit kailangan mo ng tulong ng pulisya.




- Maging matiyaga at huwag subukang tumawid sa kalsada o huminto sa trapiko. Tiyaking lumayo ka sa mga sasakyan.

### Kung walang mga nasugatan, at puwedeng gumalaw ang iyong sasakyan:

- Ilayo ang iyong sasakyan sa kalsada nang mas malapit hangga't maaari sa kung saan naganap ang banggaan. Makakatulong ito na panatilihing ligtas ka at ang iba, at maiwasan ang pagkaantala ng trapiko.
- Kunin ang mahalagang impormasyon mula sa ibang (mga) drayber na kasangkot sa banggaan. Ibigay sa ibang (mga) drayber ng parehong impormasyon. Kabilang dito ang: pangalan, address, numero ng telepono, numero ng plaka ng lisensya at estado, numero ng lisensya sa pagmamaneho, tatak at modelo ng sasakyan, at impormasyon ng seguro.
- Hingin sa mga saksi ang kanilang mga pangalan, address at numero ng telepono.
- Tandaan ang lokasyon ng banggaan, petsa at oras, bilang ng mga sasakyang nasangkot, lagay ng panahon, at kondisyon ng kalsada. Kung magagawa mo, isulat ang impormasyong ito.
- Tandaan ang anumang pinsala sa mga sasakyan. Kung magagawa mo, isulat ang impormasyong ito at kumuha ng mga larawan.
- Isulat ang mga katotohanan kung paano nangyari ang banggaan.

### Tandaan, dapat kang tumawag palagi ng pulis kapag:

- May nasugatan.
- Hindi mailipat ang isang sasakyan.
- Ang drayber ay tila nasa ilalim ng impluwensya ng alak o droga.
- Walang lisensya ang drayber.
- Tinatangka ng drayber na umalis sa pinangyarihan nang hindi nagbibigay sa iyo ng garantiya at iba pang mahalagang impormasyon.
- Nasira ang pampublikong ari-arian.

### Kung nabangga mo ang isang sasakyan na walang bantay o iba pang walang bantay na ari-arian, dapat mong:

- Ihinto ang iyong sasakyan nang mas malapit hangga't maaari sa kung saan nangyari ang banggaan, nang hindi hinaharangan ang mga sasakyan nang higit sa kinakailangan.
- Subukang hanapin ang may-ari ng sasakyan o ari-arian upang sabihin sa kanila kung ano ang nangyari at ibigay ang iyong impormasyon.
- Kung hindi mo mahanap ang may-ari ng sasakyan o ari-arian, mag-iwan sa kanila ng sulat tungkol sa nangyari na may impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa iyo. Iwanan ang sulat kung saan madali nila itong makita.

Kung nabangga mo at nasaktan ang isang alagang hayop gamit ang iyong sasakyan, dapat kang tumawag kaagad sa pulisya. Ang mga aso, pusa, kabayo, at baka ay mga halimbawa ng alagang mga hayop.

## B. Mga Emerhensiya sa Tabing Daan

Iba-iba ang bawat emerhensiya sa tabing daan kaya laging mag-ingat at gamitin ang isip, ito man ay na-flat na gulong, pag-aalaga ng pasahero, o iba pa.

Kapag may emerhensiya sa tabing daan:

- Suriin ang sitwasyon.
- Gumamit ng mabuting paghuhusga sa pagpapasya kung paano tutugon.
- Mag-ingat sa iba pang mga sasakyan, dahil ang mga emerhensiya sa tabing daan ay maaaring magbago sa isang iglap.

### Maghanap ng Ligtas na Lugar

Taun-taon, ang mga tao ay nasusugatan o namamatay sa gilid ng kalsada habang naghihintay ng tulong sa sasakyan. Kung ang iyong sasakyan ay hindi na umaandar, gawin ang iyong makakaya upang ilipat ito sa gilid. Kung maaabot mo ang labas ng rampa o paradahan, pag-isipang gawin iyon kahit na nangangahulugan ito ng pagmamaneho sa flat na gulong o pagkasira ng rim. Kung mas malayo ka sa mga sasakyan, mas magiging ligtas ka. Huwag kailanman huminto o pumarada sa hugis tatsulok na pininturahan na mga lugar kung saan may rampa na lumalabas sa kalsada.

### Kung maaari kang manatili sa iyong sasakyan:

Kung maaari kang manatili sa iyong sasakyan, manatiling naka-sinturon sa upuan at humarap sa harap. Ang mga sasakyan ay may ilang mga tampok na pangkaligtasan na tutulong na protektahan ka at ang iyong mga pasahero kung may isa pang sasakyan na bumangga sa iyong sasakyan.

### Kung hindi ka maaaring manatili sa iyong sasakyan:

Kung hindi ligtas o imposible na manatili sa iyong sasakyan, tingnan kung ano ang nangyayari sa paligid mo at piliin ang pinakaligtas na oras para makalabas ang lahat. Huwag tumayo malapit sa sasakyan. Sa halip, lumayo kaagad sa kalsada. Pumunta sa likod ng pilapil, bakod ng mga trapiko, o barandilya. Kung posible, lumipat sa mas mataas na lugar. Harapin ang paparating na mga sasakyan at manatiling alerto kung sakaling may sasakyan na lumihis patungo sa iyong landas.

## C. Mga Paghinto sa Trapiko

Ang mga opisyal na tagapagpatupad ng batas ay nagbibigay ng mga nakasulat na citation (mga tiket) sa trapiko sa mga taong kinasuhan ng paglabag (paglabag) sa Batas sa Sasakyan ng Maryland. Dapat mong sundin ang mga direksyon ng opisyal kung ikaw ay pinapahinto, kung hindi ay huhulihin ka.

### Kung pinapahinto ka ng isang opisyal na tagapagpatupad ng batas:

- Huminto sa gilid ng kalsada na malayo mula sa mga sasakyan hangga't maaari. Buksan ang mga ilaw mo.
- Patayin ang iyong makina at radyo.
- Ibaba ang iyong bintana para makausap mo ang opisyal.
- Manatili sa iyong sasakyan at panatilihing nakasuot ang iyong sinturon sa upuan.

- Panatilihin ang iyong mga kamay sa kung saan nakikita ang mga ito - pinakamabuti sa manibela. Huwag gumawa ng anumang paggalaw na iisipin ng opisyal na ikaw ay may itinatago o may inaabot.
- Kung ang opisyal ay nagbigay sa iyo ng tiket, huwag makipagtalo sa opisyal tungkol sa tiket. Magkakaroon ka ng pagkakataong ayusin ang iyong kaso kapag pumunta ka sa korte.

## D. Batas sa Paglipat

Sa Maryland, dapat kang lumipat kapag papalapit sa anumang sasakyan habang ang mga ito ay nakahinto, nakatayo, o nakaparada sa isang kalsada na kumikislap ang mga ilaw nito. Kung hindi ligtas o posible na lumipat, dapat kang bumagal sa ligtas na bilis. Isaalang-alang ang lagay ng panahon, mga kondisyon ng kalsada, trapiko, at mga naglalakad kapag nagpapasya ng ligtas na bilis.

Ang paglabag sa batas na ito ay maliit na kasalanan na may mga sumusunod na parusa:

- $110 na multa at isang puntos sa iyong lisensya. Gumagamit ang MVA ng mga puntos upang subaybayan ang mga paglabag at magpataw ng mga parusa.
- $150 na multa at tatlong puntos kung ang paglabag ay magdulot ng banggaan.
- $750 na multa at tatlong puntos kung may namatay o malubhang pagkakasugat.

Ang mga puntos ay magdudulot sa pagkakasuspinde o pagbawi sa iyong lisensya.




## Maging drayber na nagbabahagi ng kalsada

Maging drayber na nagliligtas ng buhay

Ang kaligtasan ng naglalakad at nagbibisikleta ay nakakaapekto sa lahat sa Maryland. Maraming nangyayaring pagkakasugat at pagkamatay dahil ang mga drayber o naglalakad ay lasing, hindi pamilyar sa mga batas ng sasakyan, o hindi nagbibigay ng pansin. Ang mga kalsada ay dapat ligtas na mga lugar para sa lahat at mahalagang gawin nating lahat ang ating bahagi.

Kasama na rin diyan ang mga nagbibisikleta. Karamihan sa mga tao ay hindi alam na ang mga bisikleta ay itinuturing na mga sasakyan sa mga kalsada ng Maryland, tulad din ng mga kotse o trak. Iyon ay nangangahulugan na ang mga drayber at mga nagbibisikleta ay dapat matutong maghati sa kalsada at gawin ang anumang kinakailangan upang mapanatiling ligtas ang bawat isa.

Maging Drayber na NAGBABAHAGI NG KALSADA - bagalan ang takbo, magbigay-pansin, at laging maging alerto para sa mga naglalakad at nagbibisikleta.



## Maging drayber na dalawang beses na tumitingin

Maging drayber na nagliligtas ng buhay

Kapag may nabanggang kotse o trak at motorsiklo, halos palaging natatalo ang nakamotorsiklo. Dahil ang mga motorista ay hindi protektado ng sasakyan gaya ng mga nakasakay sa kotse o trak, ang mga nakamotorsiklo ay nasusugatan sa halos 75 porsiyento ng mga banggaan. Ang mga drayber at motorista ay may responsibilidad na ibahagi ang kalsada nang ligtas.

Kapag nagkaroon ng banggaan na kinasasangkutan ng kotse at motorsiklo, ang drayber ng kotse ang may kasalanan ng higit sa kalahati ng panahon. Maging Drayber na DALAWANG BESES NA TUMITINGIN, palaging suriin nang dalawa o higit pang beses bago sumama, lumipat ng lane, at huminto sa trapiko.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang:
**ZeroDeathsMD.gov**

# SEKSYON 9: IBA PANG PAGHIHIGPIT, PAGLABAG AT PARUSA

## A. Mga paghihigpit

Tandaan na ang pagmamaneho ay isang pribilehiyo, hindi isang karapatan. Ang MVA ay may awtoridad na magpataw ng mga paghihigpit sa iyong lisensya upang matiyak na ligtas kang magmaneho. Ang paghihigpit sa pagmamaneho ay isang limitasyon ng iyong mga pribilehiyo sa pagmamaneho. Ang mga paghihigpit ay maaaring nakabatay sa uri ng lisensya na mayroon ka o ipinataw dahil nilabag mo ang mga batas ng sasakyang de-motor. Ang pagmamaneho ng sasakyang de-motor na lumalabag sa (mga) paghihigpit ay isang malubhang pagkakasala. Maaari mong mawala ang iyong mga pribilehiyo sa pagmamaneho.

Ang mga sumusunod na paghihigpit sa pagmamaneho ay nalalapat sa mga nagtapos na may hawak ng lisensya na wala pang 18 taong gulang:

### Paghihigpit sa Pagsusuot ng Sinturon sa Upuan

Dapat kang laging gumamit ng ligtas na sinturon kung mayroon kang Pansamantalang Lisensya. Ang lahat ng pasahero ay dapat gumamit ng mga sinturon sa upuan o mga upuang pangkaligtasan ng bata.

### Paghihigpit sa Pasahero

Kung mayroon kang Pansamantalang Lisensya at wala ka pang 18 taong gulang, hindi ka maaaring magmaneho nang hindi sinusubaybayan kasama ng mga pasaherong wala pang 18 taong gulang sa unang 151 araw maliban kung sila ay mga kapamilya. Maaari kang magmaneho kasama ang isang pasaherong wala pang 18 taong gulang na hindi kamag-anak kung may kasama kang kwalipikadong sumusubaybay na drayber. Ang mga malapit na miyembro ng pamilya ay maaaring ang iyong asawa, anak na babae, anak na lalaki, stepdaughter, stepson, kapatid na babae, kapatid na lalaki, stepsister, stepbrother, o sinumang kamag-anak na nakatira sa iyong tirahan. Tingnan ang Seksyon 10.B. para sa impormasyon tungkol sa kung sino ang kuwalipikado bilang isang sumusubaybay na drayber.

### Paghihigpit sa Gabi

Kung mayroon kang Pansamantalang Lisensya, pinapayagan ka LAMANG magmaneho nang hindi sinusubaybayan sa pagitan ng 12:00 ng hatinggabi at 5:00 ng umaga, kung ikaw ay:

- Nagmamaneho papunta, pauwi mula, o habang nagtatrabaho ka.
- Nagmamaneho papunta o pauwi mula sa isang organisadong programa ng boluntaryo.
- Nagmamaneho papunta o pauwi mula sa isang opisyal na aktibidad ng paaralan.
- Pagmamaneho papunta o pauwi mula sa isang kaganapang pang-palakasan o kaugnay na sesyon ng pagsasanay na iyong nilalahukan.

### Paghihigpit sa Wireless Device

Kung mayroon kang Pansamantalang Lisensya o Pahintulot sa Mag-aaral, hindi ka maaaring gumamit ng anumang wireless device ng komunikasyon (kabilang ang isang di-hawak na telepono) habang nagmamaneho. Maliban kung tatawag sa 911 emergency.

## B. Pagsusuri sa Droga o Alak – Ipinahiwatig na Pahintulot

Sa Maryland, kung nagmamaneho ka o nagtatangkang magmaneho ng sasakyang de-motor sa isang kalsada o pribadong ari-arian na ginagamit ng publiko, pumapayag ka (sumasang-ayon) na masuri para sa droga o alak kung hihilingin sa iyo ng isang opisyal na tagapagpatupad ng batas. Sinusukat ng mga pagsusuring ito ang dami ng alak o droga sa iyong katawan.

Kung ang isang pulis ay may dahilan upang maniwala na ikaw ay nagmamaneho habang nasa impluwensiya ng mga droga, alak, o isang ipinagbabawal na sangkap, maaari nilang hilingin na sumailalim ka sa pagsusuri ng dugo mula sa eksperto sa pagkilala ng droga. Ang iyong lisensya ay masususpinde kung ang konsentrasyon ng alak sa dugo mo ay .08 porsiyento o mas mataas. Sususpindehin din ng MVA ang iyong lisensya kung ikaw ay nasa impluwensiya ng mga gamot sa iyong katawan.

Kung ang isang pulis ay magsumite ng sertipikadong pahayag na ikaw ay tumanggi sa isang pagsusuri, sususpindehin ng MVA ang iyong lisensya.

## C. Pagkuha ng Hindi Totoo o Peke na Kard ng Pagkakakilanlan, Lisensya sa Pagmamaneho, o Pahintulot ng Pagtuturo sa Mag-aaral

Kung susubukan mong kumuha ng pekeng kard ng pagkakakilanlan, Pahintulot ng Pagtuturo sa Mag-aaral o lisensya sa pagmamaneho, maaari kang pagmultahin at/o ipadala sa bilangguan sa ilalim ng Batas ng pederal at estado.

Labag sa batas ang pagsisinungaling tungkol sa iyong edad para makabili, magkaroon, o kumuha ng alak. Bilang karagdagan sa mga parusang inilarawan sa itaas, maaaring masuspinde ang iyong lisensya sa pagmamaneho.

## D. Mga Aksyon ng Administratibo

Maaaring suspindehin, bawiin, tanggihan, o kanselahin ng MVA ang iyong lisensya kung lumalabag ka sa mga batas sa sasakyang de-motor . Kung mangyari ito, magpapadala sa iyo ang MVA ng paunawa upang ipaalam sa iyo ang tungkol sa:

- Aksyon na plano nilang gawin.
- Dahilan kung bakit ginagawa ang aksyon.
- Mga hakbang na maaari mong gawin upang baguhin o ihinto ang aksyon.

Sa karamihan ng mga kaso, maaari kang humiling ng administratibong pagdinig upang ipaliwanag kung bakit hindi dapat mangyari ang aksyon ng administratibo.

Kung ang iyong lisensya ay nasuspinde, binawi, tinanggihan, o kinansela, dapat mong ibigay ang iyong lisensya sa MVA. Kung walang lisensya, hindi ka papayagang magmaneho. Magsisimula ang mga panahon ng pagsususpinde o pagbawi kapag natanggap ng MVA ang iyong lisensya.

### Pagsuspinde ng Lisensya sa Pagmamaneho

Kung nasuspinde ang iyong lisensya, pansamantalang mawawalan ka ng pribilehiyong magmaneho ng sasakyang de-motor. Sa ilang mga kaso, maaaring magpasya ang MVA na magbigay ng pinaghihigpitang lisensya sa pagmamaneho. Ang pinaghihigpitang lisensya ay nagbibigay-daan sa iyo na magmaneho lamang para sa partikular na layunin, gaya ng pagpunta at pauwi mula sa trabaho at paaralan.

### Pagbawi ng Lisensya sa Pagmamaneho

Ang pagbawi ng lisensya sa pagmamaneho ng Maryland ay mas matindi kaysa sa pagsususpinde.

Kung binawi ang iyong lisensya, hindi ka maaaring magmaneho ng sasakyang de-motor hanggang sa matukoy ng MVA na maaari ka nang ligtas na magmaneho muli. Kung ang iyong lisensya sa pagmamaneho ay binawi, mayroong pinakamababang panahon ng paghihintay bago mo hilingin na ibalik ito ng MVA (ibig sabihin ay maibalik ito sa iyo). Maaaring tanggihan ng MVA ang iyong kahilingan.

### Pagkansela ng Lisensya sa Pagmamaneho

Ang pagkansela ng lisensya sa pagmamaneho ng Maryland ay mas matindi kaysa sa pagsususpinde. Nangangahulugan ito na ang iyong pribilehiyo sa pagmamaneho ay winakasan (natapos) at hindi na ibabalik. Maaaring kanselahin ng MVA ang iyong lisensya sa pagmamaneho kung matukoy nila na:

- Dapat hindi ka nabigyan ng lisensya.
- Hindi ka nagbigay ng kinakailangan o tamang impormasyon sa iyong aplikasyon sa lisensya.
- Nakagawa ka ng panloloko noong nag-aplay ka o nakakuha ng iyong lisensya.

Kung ikaw ay mas bata sa 18, maaaring hilingin ng iyong magulang o legal na tagapag-alaga na kanselahin ng MVA ang iyong lisensya sa pagmamaneho (tingnan ang Seksyon 2.F.).

## E. Mga Multa

Kung mayroon kang paghatol o "Probation before Judgment" (PBJ) para sa (mga) paglabag sa pagpapatakbo habang may hawak na Pansamantalang Lisensya:

- Kakailanganin mong kumpletuhin ang isang programa sa pagpapahusay ng drayber, at/o
- Ang iyong lisensya sa pagmamaneho ay masususpinde o babawiin. Pagkatapos ng pagsuspinde o pagbawi, isang paghihigpit sa trabaho at edukasyon lamang ang ilalagay sa iyong lisensya sa pagmamaneho.

### Mga Parusa para sa mga Menor de edad

Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang na may Pansamantalang Lisensya at ikaw ay nahatulan ng paglabag sa pagpapatakbo o nabigyan ng probasyon bago ang paghatol, ang mga sumusunod ang nalalapat na parusa:

- Ang UNANG pagkakasala ay mag-aatas sa iyo na kumpletuhin ang isang programa sa pagpapahusay ng drayber.
- ANG IKALAWANG paglabag ay magreresulta sa 30-araw na pagsususpinde ng iyong lisensya sa pagmamaneho na susundan ng 90-araw na paghihigpit na naglilimita sa iyong pagmamaneho sa trabaho at mga layuning pang-edukasyon lamang.
- Ang IKATLONG paglabag ay magreresulta sa 180-araw na pagsususpinde ng iyong lisensya, mangangailangan ng pagdalo sa isang programa sa pagpapahusay ng drayber para sa mga batang drayber, at isang paghihigpit sa trabaho at edukasyon lamang sa loob ng 180 araw.
- ANG IKA-APAT o HIGIT pang mga paglabag ay magreresulta sa pagbawi sa iyong lisensya. Dapat mong ipasa ang lahat ng pagsusulit sa paglilisensya upang maibalik ang iyong lisensya.

### Mga Parusa para sa mga Nasa Hustong Gulang

Kung ikaw ay 18 taong gulang o mas matanda na may Pansamantalang Lisensya at ikaw ay nahatulan ng paglabag sa pagpapatakbo o nabigyan ng probasyon bago ang paghatol, ang mga sumusunod ang nalalapat na parusa:

- Ang UNANG pagkakasala ay mag-aatas sa iyo na kumpletuhin ang isang programa sa pagpapahusay ng drayber.
- ANG IKALAWANG paglabag ay magreresulta sa 30-araw na pagsususpinde ng iyong lisensya.
- Ang PANGATLO o HIGIT pang mga paglabag ay magreresulta ng hanggang 180 araw na pagsususpinde o pagbawi ng iyong lisensya.

Ang mga parusang ito ay ipapataw NG KARAGDAGAN sa anumang mga parusa na magreresulta sa (mga) paghatol sa korte. Gayundin, pagkatapos ng bawat paghatol o probasyon bago ang pagpapasya sa paglabag sa pagpapatakbo, kakailanganin mong magsimula ng bagong 18-buwang panahon na walang paghatol bago mo makuha ang iyong lisensya.

## F. Paggamit ng mga Paradahan ng May Kapansanan, Mga Lisensyadong Plaka, at Mga Plakard



Maaari kang makatanggap ng malalaking multa kung ilegal kang gumamit ng mga paradahan para sa mga may kapansanan, mga plaka ng may kapansanan, at mga plakard ng may kapansanan. Maaaring magbigay ng mga tiket para sa mga sumusunod na paglabag:

- Pagpaparada sa mga paradahan ng may kapansanan maliban kung mayroon kang plaka o plakard para sa kapansanan na inisyu ng MVA at ang taong kwalipikado para sa plaka o plakard ay alinman sa drayber o pasahero sa sasakyan.
- Pagparada sa harap o pagharang sa anumang bahagi ng bangketa (kahit na mayroon kang plaka o plakard ng may kapansanan).

- Pagparada sa alinmang bahagi ng daanan sa tabi ng paradahan para sa mga may kapansanan (kahit na mayroon kang plaka o plakard ng may kapansanan). Ang daanan sa tabi ng paradahan ay ang lugar na ginagamit ng mga taong naka-wheelchair o iba pang aparato sa paggalaw para makapasok at makalabas sa kanilang sasakyan.
- Paggamit ng plakard ng may kapansanan pagkatapos ng petsa ng pagpaso nito.
- Paggamit ng plaka o plakard ng may kapansanan nang walang taong may kapansanan at walang tamang pagkakakilanlan.
- Anumang panloloko o pagsisinungaling kapag nag-aaplay para sa plaka o plakard ng may kapansanan.

Pumunta sa website ng MVA para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paradahan ng may kapansanan.



**Alam mo ba? Kung ikaw ay nahuli na umiinom at nagmamaneho, kakailanganin mong maglagay ng breathalyzer na lock ng kotse na pipigil sa iyong paandarin ang sasakyan kung may na-detect na alak.**

# SEKSYON 10: IBA PANG MAHALAGANG IMPORMASYON

## A. Mga Medikal na Kondisyon na Iuulat sa MVA

Kung mayroon kang isa o higit pa sa mga kondisyong medikal na nakalista sa ibaba, dapat mong ipaalam sa MVA kapag nag-aplay ka o nire-renew ang iyong lisensya sa pagmamaneho. Kung nasuri ang kondisyon pagkatapos mong matanggap ang iyong lisensya, ipaalam sa MVA kapag ito ay nasuri. Dapat kang aprubahan ng Driver Wellness and Safety Division at/o Medical Advisory Board ng MVA para sa lisensya kung mayroon kang isa sa mga kondisyong ito na maaaring makaapekto sa iyong kakayahang magmaneho:

- Diabetes na nagdulot ng episodyo ng mababang asukal sa dugo na nangailangan ng tulong mula sa ibang tao sa nakalipas na 6 na buwan.
- Epilepsy o mga seizure.
- Isang kondisyon sa puso na naging sanhi ng pagkawala ng malay sa nakalipas na 6 na buwan.
- Stroke.
- Isang kondisyon na nagdudulot sa iyo ng pagkahilo, pagkahimatay, o pagkawala ng malay.
- Pagtigil ng paghinga habang tulog o pagiging antukin.
- Kasaysayan ng traumatic brain injury (TBI, traumatikong pinsala sa utak).
- Isang kondisyon na nagdudulot ng panghihina, panginginig, o pamamanhid sa iyong mga braso, kamay, binti, o paa na maaaring makaapekto sa iyong kakayahang magmaneho.
- Kamay, braso, paa, o binti na wala, naputol, o hindi naigagalaw na maaaring makaapekto sa iyong kakayahang magmaneho.
- Problema sa mata na pumipigil sa naitamang pinakamababa na kalinawan ng paningin na 20/70 sa hindi bababa sa isang mata o binocular field of vision na hindi bababa sa 110 degrees.
- Problema sa paggamit ng alak.
- Problema sa paggamit ng droga.
- Isang kondisyon sa kalusugan ng isip na maaaring makaapekto sa iyong kakayahang magmaneho.
- Schizophrenia.
- Dementia.

## B. Sumusubaybay na Drayber – Mga Kinakailangan at Responsibilidad

Kung mayroon kang Pahintulot sa Mag-aral ng Maryland, maaari kang magmaneho lamang ng mga sasakyan o klase ng mga sasakyan na tinukoy sa iyong Pahintulot sa Mag-aaral. Dapat ay may kasama kang sumusubaybay na drayber. Ang isang sumusubaybay na drayber ay:

- Hindi bababa sa 21 taong gulang.
- Kasalukuyang lisensyado nang hindi bababa sa tatlong taon sa Maryland o ibang estado upang magmaneho ng parehong klase ng mga sasakyan na iyong minamaneho.
- Nakaupo sa tabi mo, maliban kung ang sasakyan ay motorsiklo.

## C. Organ Donor

Ang mga residente ng Maryland ay maaaring magbigay ng handog ng buhay at kalusugan sa ibang tao sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga organ o tissue pagkatapos ng kamatayan.

- Ang sinumang 18 taong gulang o mas matanda ay maaaring maging organ donor.
- Ang mga menor de edad na hindi bababa sa 16 taong gulang ay maaaring maging organ donor kung ang isang magulang o tagapag-alaga ay pumayag (sumang-ayon) sa pamamagitan ng sulat.

Hanapin ang pahayag na ito sa iyong aplikasyon sa lisensya o paunawa sa pagre-renew:

"Mangyaring lagyan ng check, kung sa iyong kamatayan, nais mong tumulong sa iba sa pamamagitan ng pagiging organ donor. Sa pamamagitan ng paglalagay ng check sa "OO," pinahihintulutan mo ang lahat ng kinakailangang personal na impormasyon na maipadala sa Kagawaran ng Kalusugan ng Maryland at mapanatili sa Maryland Organ Donor Registry." Kung sumasang-ayon ka, maaari mong piliin na ipahiwatig sa iyong lisensya na ikaw ay isang organ donor. Ang higit pang impormasyon sa programa ng organ donor ay matatagpuan sa MVA website.

## D. Magrehistro para Bumoto


Ang National Voter Registration Act of 1993, na kadalasang tinatawag na "Motor Voter," ay isang pederal na batas. Iniaatas nito sa MVA na payagan ang mga karapat-dapat na kustomer na mag-aplay para magparehistro para bumoto, o mag-update ng impormasyon sa pagboto, kapag nakakuha sila ng lisensya sa pagmamaneho o may larawan na kard ng pagkakakilanlan (ID).

## E. Mga Kinakailangan sa Seguro

Ang lahat ng sasakyang de-motor na nakarehistro sa Maryland ay dapat na nakaseguro sa isang kumpanyang lisensyado sa Maryland. Kung nagmamay-ari ka ng isang sasakyang de-motor dapat mo itong ipaseguro para sa personal na pinsala at pananagutan sa pinsala sa ari-arian sa mga halagang iniaatas ng batas. Tingnan ang website ng MVA para sa impormasyon tungkol sa mga halagang ito.

Dapat palagi kang may dalang may bisa na kard ng pagkakakilanlan ng seguro kapag nagmamaneho ng sasakyang de-motor. Maaaring nasa elektronikong pormat ang kard na ito. Kung hingin ng isang opisyal na tagapagpatupad ng batas ang iyong kard sa seguro, dapat mong ipakita ito sa kanila. Kung tatanggi ka, maaari kang pagmultahin.

## F. Batas sa Sinturon ng Upuan



Ayon sa batas, ang drayber at lahat ng pasahero ng isang sasakyang de-motor ay dapat magsuot ng sinturong pangkaligtasan o naka-sinturon sa upuang pang-kaligtasan ng bata.

## G. Mga Upuang Pangkaligtasan ng Bata

Ang lahat ng batang wala pang 8 taong gulang ay dapat umupo sa upuang pangkaligtasan ng bata, maliban kung ang bata ay 4'9" o mas mataas. Ang mga batang wala pang 2 taong gulang ay dapat umupo sa upuang pangkaligtasan ng bata na nakaharap sa likuran na nakakatugon sa mga pederal na alituntunin hanggang sa maabot nila ang taas o timbang na tinukoy ng tagagawa. Dapat mong sundin ang lahat ng mga tagubiling ibinigay ng tagagawa ng upuang pangkaligtasan ng bata at sasakyan.

Kasama sa mga upuang pangkaligtasan ng bata ang mga upuan ng sasakyan, karagdagang upuan at iba pang pederal na inaprubahang aparatong pangkaligtasan ng bata.

Kung hindi ka makabili o makakuha ng upuang pangkaligtasan ng bata, maaari kang makipag-ugnayan sa Kids In Safety Seats (KISS) sa Maryland Department of Health sa 800-370-SEAT. Ang KISS ay may pinagkasunduang mga programa sa iba't-ibang lugar ng Estado na umuupa ng mga upuan sa sasakyan o karagdagang upuan sa murang halaga sa mga pamilyang hindi kayang bilhin ang mga ito. Maaaring walang makukuhang mga upuan sa lahat ng lokasyon sa lahat ng oras.

## H. Mga Bag ng Hangin

Ang mga bag ng hangin ay mahalagang aparatong pangkaligtasan na nagpoprotekta sa iyo sa mga banggaan. Para sa pinakamahusay na proteksyon:

- Gamitin ang mga ito kasama ng sinturon sa upuan ng iyong sasakyan.
- Umupo ng malayo mula sa manibela hangga't maaari. Subukang panatilihin na 10-12 pulgada ang pagitan ng manibela at ng iyong dibdib.
- Dapat ilagay ng mga buntis na babae ang paha ng sinturon sa upuan sa ilalim ng tiyan nang mas mababa hangga't maaari sa mga balakang at sa itaas na mga hita. Dapat nilang ilagay ang sinturon sa balikat sa ibabaw ng paikot sa tiyan.
- Ang mga bata sa nakaharap sa likurang upuan ng kotse ay hindi dapat umupo sa harap na upuan ng sasakyan na may pampasaherong bag ng hangin.
- Ang mga batang wala pang 13 taong gulang ay dapat sumakay na nakasinturon sa likurang upuan sa upuang pangkaligtasan ng bata.

## I. Pagpepreno gamit ang Anti-lock Braking System (ABS)

Ang Anti-Lock Braking System (ABS) ay nakakatulong na maiwasang makandado ang iyong mga gulong upang makontrol mo ang iyong sasakyan. Sa tuwing matutuklasan ng computer ng iyong sasakyan na ang isa o higit pang mga gulong ay nakakandado, sinisimulan ng ABS na i-bomba ang mga preno nang mas mabilis para hindi ito magkandado. Kapag umaandar ang ABS, maaari kang makarinig ng dagundong mula sa preno at manginginig ang pedal ng preno sa ilalim ng iyong paa. Tingnan ang manwal ng may-ari ng iyong sasakyan para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga anti-lock braking system.

## J. Ipinagbabawal ang pagsusuot ng mga Headset, Earphone, at Earplug

Hindi ka maaaring magmaneho nang may mga earplug, headset, o earphone sa magkabilang tainga. Pinapayagan ang mga aparatong pantulong sa pandinig.

## K. Nakalinyang Pagpaparada

Hindi na kailangan ang nakalinyang pagpaparada kapag kumuha ka ng pagsubok sa pagmamaneho. Gayunpaman, malalaman mo ang tungkol dito sa kursong edukasyon sa pagmamaneho ng MVA. Ang parehong mga kasanayan na kailangan para sa nakalinyang pagpaparada ay saklaw kapag nagsagawa ka ng "reverse two-point turn" sa panahon ng pagsusulit sa kurso sa pagmamaneho na iyong kinukuha upang makuha ang iyong lisensya. Kabilang dito ang: mga kasanayan sa paningin, pagtantiya sa espasyo, paggamit ng mga salamin at signal ng pagliko, pagkabig ng manibela, pagpepreno, at pagkontrol sa bilis.



**Tandaan: labag sa batas ang pagmamaneho nang walang seguro ng sasakyan! Kung hindi ka nagpapanatili ng seguro sa lahat ng sasakyan mo, ikaw ay pagmumultahin ng hanggang $2,500 bawat sasakyan bawat taon.**

## L. Pagpaparada ng Paharap, Pagpaparada ng Patalikod, at Tatluhang Pagliko

Dapat ay matagumpay mong magawa ang pagpaparada paharap, pagpaparada patalikod, at tatluhang pagliko sa panahon ng iyong pagsubok sa pagmamaneho. Ang paradahan ay ginagawa sa 10′ sa 20′ na espasyo sa panahon ng pagsubok, at ang pagliko sa 16′ sa 20′ na espasyo. Ang mga galaw na ito ay nagpapakita kung gaano ka kahusay tumantiya ng espasyo, gumamit ng mga salamin at mga signal ng pagliko, kumabig, magpreno, at kontrolin ang iyong sasakyan kapag bumibilis. Sinusubok din nila ang iyong paningin, pag-atras, at pangkalahatang mga kasanayan sa pagmamaneho.

## M. Mga Patakaran at Payo para sa mga Nagbibisikleta


Gaya ng mga drayber ng sasakyan, ang mga nagbibisikleta ay may parehong mga karapatan at responsibilidad para ligtas na gamitin ang kalsada. Gawin ang iyong bahagi sa pamamagitan ng pagiging isang ligtas at magalang na nagbibisikleta.

### Sumunod sa mga Patakaran sa Kalsada:

Magpatakbo nang tuwid at nasa linya sa inaasahang paraan. Magplano nang maaga at maglaan ng oras upang makayanan ang mga panganib sa kalsada at harapin ang trapiko at pagbukas ng mga pintuan ng sasakyan. Magbigay sa mga naglalakad at sundin ang lahat ng mga signal at palatandaan ng trapiko.

**Magpatakbo ayon sa Trapiko:** Laging magpatakbo sa kanang gilid. Mag-ingat kapag nilalampasan ang mga naglalakad at bisikleta sa kanan. Kapag dumating ka sa isang interseksyon, gamitin ang naaangkop na lane para sa direksyon na iyong pupuntahan (kaliwa, tuwid, kanan).

**Mag-signal sa Lahat ng Pagliko:** Tumingin sa likod bago ka lumipat ng lane o lumiko. Gamitin ang iyong mga signal sa pagliko para ipaalam sa iba kung ano ang plano mong gawin:



### Ligtas na Lumiko Pakaliwa:

- Maaari kang kumaliwa gaya ng ginagawa ng mga sasakyang de-motor sa pamamagitan ng paglipat sa kaliwang gilid ng lane na dinaraanan (o lane ng kaliwang pagliko), o
- Tumawid gaya ng isang naglalakad sa pamamagitan ng paghinto, pagbaba sa iyong bisikleta, at paglalakad sa isang tawiran.

**Maging Handa sa Madulas na Kondisyon ng Kalsada:** Kapag nagpepreno sa ulan o niyebe, maglaan ng karagdagang distansya para huminto at tingnan ang mga marka sa semento at mga takip ng utilidad, na maaaring madulas.

**Magpakita - Gumamit ng mga Ilaw sa Gabi:** Kapag nagpapatakbo sa gabi, iniaatas ng Batas ng Estado ng Maryland ang puting ilaw sa harap ng iyong bisikleta, at isang pulang reflector sa likod. Dapat makita ang mga ito mula sa hindi bababa sa 600 talampakan ang layo. Bilang karagdagan, inirerekomenda na magsuot ka ng maliwanag na damit sa araw at reflective na damit para sa pagsakay sa gabi.

### Kagamitan sa Bisikleta:

Kinakailangan ang helmet para sa sinumang wala pang 16 taong gulang na nakasakay sa bisikleta. Kasama na rito ang mga pasaherong hindi nagmamaneho ng bisikleta. Mahigpit ding inirerekomenda ang mga helmet sa mga tao sa lahat ng edad.

Ayon sa batas, ang lahat ng bisikleta ay dapat mayroong:

- Mga preno na maaaring magpahinto sa bisikleta sa loob ng 15 talampakan kapag ito ay tumatakbo ng 10 milya bawat oras sa tuyo, patag, malinis na semento.
- Isang puting sinag ng ilaw sa harap na makikita sa layong 500 talampakan at pulang likuran na reflector na makikita sa layong 600 talampakan, kapag nagpapatakbo sa gabi o kapag dimidilim na.
- Isang upuang pangkaligtasan o trailer, na mahigpit na nakakabit sa bisikleta, kung naglalakbay kasama ang isang maliit na bata.
- Basket, suksukan, o bag ng bisikleta kapag may dalang maliliit na bagay upang mailagay ang dalawang kamay sa mga manibela.

## N. Mga De-kuryenteng Mabagal na Sasakyan (Mga Kahulugan)

### De-kuryenteng mga Bisikleta

- Pinapatakbo sa pamamagitan ng lakas ng tao sa tulong ng de-kuryenteng motor.
- May ganap na gumaganang mga pedal.
- May dalawa o tatlong gulong.
- May de-kuryenteng motor na may antas na 750 watts o mas mababa.

### Mga Uri ng De-kuryenteng mga Bisikleta

**Klase 1:** May motor na nagbibigay lamang ng tulong kapag ang motorista ay nagpe-pedal, at huminto kapag ang bisikleta ay umabot sa bilis na 20 milya kada oras.

**Klase 2:** May motor na nagbibigay ng tulong kapag ang motorista ay nagpe-pedal man o hindi, at humihinto kapag ang bisikleta ay umabot sa bilis na 20 milya kada oras.

**Klase 3:** May motor na nagbibigay lamang ng tulong kapag ang motorista ay nagpe-pedal at huminto kapag ang bisikleta ay umabot sa bilis na 28 milya kada oras.

### Mga De-kuryenteng Mabagal na Scooter

- Idinisenyo upang ihatid lamang ang nagpapatakbo.
- Tumitimbang ng mas mababa sa 100 libra.
- May isang gulong sa harap at likod na nakahanay sa isa't isa, o isang gulong sa harap at dalawa sa likod.
- May mga manibela at platapormang tatayuan ng nakasakay.
- Pinapatakbo ng de-kuryenteng motor at lakas ng tao.
- Maaaring tumakbo sa bilis na hanggang 20 milya kada oras.

Tandaan: Kung gumagamit ka ng de-kuryenteng mabagal na sasakyan, tingnan kung may iba pang lokal na paghihigpit.

